

Nilalaman

- 4** **PASIUNA**
Panimula
- 8** **GRAFÉMA**
Grafema
- 12** **LATON NGAN PAGLALATON**
Pantig at Palapantigan
- 22** **PAG-ISPEL NGA PALUWAS**
Pagbaybay na Pasalitâ
- 28** **PAG-ISPEL NGA PASURAT**
Pagbaybay na Pasulât
- 40** **KASO HAN KARUHA NGA TIRINGGAN**
Kasong Kambal-Patinig
- 48** **KARUHA NGA MANGARABAY NGA SK, ST, SH,
NGAN KT**
Kambal-Katinig at Digrapong SK,
ST, SH, KT
- 52** **BALYUAY HAN E/I, O/U, NGAN E/O**
Palítang Ee/Ii at Oo/Uu

60

AN PAGBABALYO HAN “D” PAKADTO HA “R”

Pagpalit ng “D” tungo sa “R”

62

PAGBALIK HAN MGA DUUN

Pagbabalik sa mga Tuldik

68

AN TAMA NGA PAGGAMIT HAN BATLANG

Mga Wastong Gámit ng Gitling

80

APENDIKS

Apendiks

PASIUNA

PANIMULA

PASIUNA

San ginsusurat ko an akon siyahan nga libro sa Waráy, ginprinoblema ko kun papan-o isusurat an kadam-an nga mga pulong: puyde o puydi; dire o diri; Dios, Dyos, o Diyos? Problema liwat ini sa mga magturutdo sa Mother Tongue-based Multilingual Education (MTB-MLE). Yana nga gingagamit ta na an Waráy sa mga eskuylahan, ngan igintututdo an pagsurat ngan pagbasa sa aton kalugaringon nga pinulongan sa mga kabataan, di na puyde nga diri papreho an aton pag-ispel ug iba pa nga mga pamaagi sa pagsurat, kay malilipong an mga estudyante. Kinahanglan nga magkamayda kitá lagda nga magagamit sa aton mga maestra/o ngan mga tagsurat.

Sira Norberto Romualdez, Sr. ngan Vicente I. de Veyra an mga una nga nag-estudyo sa aton ortograpiya. Iginpatik sa tuig 1908 an Bisayan Grammar and Notes on Bisayan Rhetoric and Poetics and Filipino Dialectology ni Romualdez; an libro ni de Veyra nga Mga Lagda ha Pagsurat han aton Pinulongan, ginawas sadton 1957. Sobra 50 anyos an malabay antes kitá magkayaon sin bag-o nga ortograpiya. Kahuman sa harampang sa mga magturutdo sa Leyte Normal University dida san 2011, ginawas an Bag-o nga Ortograpiya han Winaray nga ginsurat nira Voltaire Oyzon, Firie Jill T. Ramos, ngan Michael Carlo C. Villas, nga nahimo “working orthography” nga gingagamit sa aton mga maestra/o sa MTB-MLE.

Parti san mandato sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) an pag-rebyu sa mga gingagamit nga ortograpiya sa mga tuminungnong nga pinulungan sa nasud. Asya, kabulig an mga magturutdo, iskolar, ngan tagsurat tíkang sa maglain-lain nga siyudad ngan bungto sa Sinirangan Bisayas, ginrepasso an mga una na nga ortograpiya nira Romualdez ngan de Veyra, ug an working orthography nira Oyzon, Ramos, ug Villas, basi mahikit-an kun nano pa an puydi idugang, o bag-uhon.

Ini nga Ortograpiya han Waráy an resulta sa damo nga konsultasyon ngan balidasyon. May mga dugang nga lagda sini nga ortograpiya, pananglitan: an paggamit san umlaut (¨) para sa mga tunog nga schwa nga makikit-an sa mga pulong nga gingagamit sa Este: nagbëbëbënëk (nauran), tëëd (pagkawat sa iding san sura), etc. Kinahanglan nga ibutang ta ini sa ortograpiya san Waráy basi

PANIMULA

Noong isinusulat ko ang unang aklat ko sa Waráy, naging problema ko kung paano isusulat ang ilang mga salitâ: puyde o puydi; dire o diri; Dios, Dyos, o Diyos? Suliranin din ito ng mga guro sa Mother Tongue-based Multilingual Education o MTB-MLE. Ngayon na ginagâmit na natin ang Waráy sa mga paaralan, at itinuturo ang pagsulat at pagbâsa sa katutubong wika sa mga kabataan, hindi na maaari na hindi magkakatulad ang ating pagbaybay at ibâ pang tuntunin sa pagsulat, dahil malilito ang mga mag-aaral. Kailangang magkaroon na tâyo ng mga tuntunin na magagâmit ng ating mga guro at manunulat.

Sina Norberto Romualdez Sr. at Vicente I. de Veyra ang mga unang nag-aral sa ating ortograpiya. Isinulat sa taóng 1908 ang Bisayan Grammar and Notes on Bisayan Rhetoric and Poetics and Filipino Dialectology ni Romualdez; ang aklat ni de Veyra na Mga Lagda ha Pagsurat ha aton Pinulungan, lumabas noong 1957. Mahigit nang 50 taón ang lumipas bago tâyo magkaroon ng bagong ortograpiya. Pagkatapos ng palihan ng mga guro sa Leyte Normal University noong 2011, lumabas ang Bag-o nga Ortograpiya han Winaray na isinulat nina Voltaire Oyzon, Firie Jill T. Ramos, at Michael Carlo C. Villas, na nagsilbing “working orthography” na ginagamit ng ating mga guro sa MTB-MLE.

Bahagi ng mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagrepasso sa mga ginagâmit na ortograpiya ng mga katutubong wika sa bansa. Kayâ, katuwang ang mga guro, iskolar, at manunulat mula sa ibâ’t ibâng lungsod at lalawigan ng Silangang Visayas, nirepasso ang mga nauna nang ortograpiya nina Romualdez at de Veyra, at ang working orthography nina Oyzon, Ramos, at Villas, upang makitâ kung ano pa ang maaaring idagdag o baguhin.

Itong Ortograpiya han Waráy ang bunga ng maraming konsultasyon at balidasyon. May mga dagdag na tuntunin itong ortograpiya, halimbawa: ang paggâmit ng umlaut (¨) para sa mga tunog na schwa na makikitâ sa mga salitâng ginagâmit sa Silangang Samar: nagbëbëbënëk (umuulan nang malakas), tëëd (pagnanakaw ng pusa ng ulam), ibâ pa. Kailangan ilagay natin ito sa ortograpiya ng

mahimo ini ortograpiya, diri la sa mga Taclobanon, kundi sa mga Estehanon.

Maiha ak' Waráy pagsurat gamit an akon kalugaringon nga pinulungan kay ginikan kami sa amon baryo sa Nenita, Mondragon, Northern Samar; sa Manila na kami pag-istar. Kay kadam-an sa akon nabasa nga mga libro sa Waráy, ginsurat sa mga paragsiday nga tíkang sa Leyte, san nagtitikáng ak' pagsurat utro sa Waráy, nalipong ak' kun nano an ak' gagamiton nga mga pulong: tiil o siki; iding o misay; pakla o katsapa; ha o sa; han o san?

May mga nagsisiring nga kinahanglan kuno gamiton ko an “Waráy-Tacloban” kay mao iton an “standard”. Pero nagdesisyon ak' nga gamiton an Waráy nga gingagamit sa Norte, kay masugad an akon Mama: Diri man iton Waráy ta. Pero natuod ako nga sayo la an Waráy nga pinulungan, may maglain-lain la nga varyant.

An paggamit sa “Waráy-Taclobanon” sa teksto sini nga ortograpiya, diri karuyag sidngon nga ginkakarawat ta na nga ini an “standard”. Diri ini pagtamay sa mga “maglain-lain nga Waráy”. Diri gud la praktikal an pag-imprenta sa ortograpiya sa maglain-lain nga varyant.

Ini nga ortograpiya, giya para sa aton mga maestra/o ug tagsurat. Kun gagamiton ta an aton kalugaringon nga lengguwahe sa pagsurat, diri la magpapadayon an pagpabaskog ha aton minat-an nga pinulongan. Maabot an takna nga masasabtan ta an mga kahulugan sa mga pulong nga ginhihilwas sa Catarman o Catbalogan, ginluluwas ha Calbayog o Borongan, gingagamit sa Carigara o Naval.

Sayo la an Waráy. Uusá la. Makabulig kunta ini ha pagpauswag sa at tunà nga natawhan.

JERRY B. GRÁCIO

Komisyoner, Samar-Leyte

Waráy para mabuo ang isang ortograpiya, hindi lang para sa mga taga-Tacloban, kundi maging sa mga Estehanon.

Kay tagal kong hindi nakapagsulat gámit ang sarili kong katutubong wika dahil umalis kami sa aming baryo sa Nenita, Mondragon, Hilagang Samar; sa Maynila na kami tumirá. Dahil kalimitan sa aking nabásang aklat sa Waráy, isinulat ng mga makatà mula sa Leyte, noong nagsisimula akong magsulat muli sa Waráy, nalito ako kung ano ang gagamítin kong mga salitâ: tiil o siki; iding o misay; pakla o katsapa; ha o sa; han o san?

May mga nagsabi na kailangan daw gamítin ko ang “Waráy-Tacloban” dahil ito ang “standard.” Ngunit nagdesisyon ako na gamítin ang Waráy na ginagámit sa Hilagang Samar, dahil bakâ sabihin ng Nanay ko: Hindi naman ’yan Waráy natin. Subalit naniniwala ako na isa lang ang wikang Waráy, mayroon lang siyáng ibá’t ibáng varyant.

Ang paggámit ng “Waráy-Taclobanon” sa teksto nitóng ortograpiya, ay hindi nangangahulugan na tinatanggap na natin ito bílang “standard.” Hindi ito pagmamaliit sa “ibá’t ibáng Waráy.” Hindi lang talaga praktikal ang pag-imprensa ng ortograpiya sa ibá’t ibáng varyant.

Gabay ang ortograpiyang ito sa ating mga guro at manunulat. Kung gagamítin natin ang sarili nating wika sa pagsulat, hindi lang maipagpapatúloy ang pagpapalakas ng ating kinagisnang wika. Darating ang panahon na malaláman natin ang kahulugan ng mga salitâ na binibigkas sa Catarman o Catbalogan, binibigkas sa Calabyog o Borongan, ginagámit sa Carigara o Naval.

lisa lang ang Waráy. lisa lámang. Makatulong nawa ito sa pagpapaunlad sa ating tinubuang lupa.

JERRY B. GRÁCIO

Komisyoner, Samar-Leyte

1 | GRAFÉMA

Ginhimo ini nga ortograpiya para magin giya ha pagbasa ngan pagsurat ha Waráy.

Gintatawag nga graféma an usá nga hugpô nga sistema ha pagsurat. Ha pinulungan Waráy, an mga graféma amo an mga letra ngan diri letra. An kada letra may-ada kaangay nga tunog nga ginluluwas base han natural nga kayakan ha kada lugar ha Sinirangan Visayas.

1.1 Letra

Tigaman an létra hin usá nga tunog ha pagyakan. Sinasangkapan ini hin mga tiringgan (patínig) ngan mga mangarabay (katínig).

Gintatawag nga alpabetó an seryé han mga letra. Gindugangan an alpabetó han Waráy. May-ada baynte-otso (28) kabug-os nga letra na yana, ngan kada usá nga letra may-ada tagsa-tagsa nga tunog. Linuluwas o ginbabasa an mga letra ha tunog-Iningles lábot la han Ñ nga ginluluwas ha tunog-Inespañol.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dji</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>djey</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ngng <i>endyi</i>	Ññ <i>enye</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

1.2 Diri Letra

Gin-uupdan an diri letra hin duún (tuldik) ngan mga tigaman ha panurát/kugit (bantas). An patulbok (") usá nga duún (tuldik) nga iginbubutang ha igbaw han letra nga Ee para gamiton ha tunog nga schwa o pèpèt.

Ginagamit an mga kugit ha mga blangko ngan ha tono ha pagyakan dida ha butnga han mga letra ngan laton, ngan dida ha butnga han mga pulong ngan mga prase, ngan ha butnga han mga pamúlong. An paggamit han mga kugit kapareho la sugad ha Filipino.

1 | GRAFÉMA

Binuo ang ortograpiyang ito bílang gabay sa pagbása at pagsulat ng Waráy.

Tinatawag na graféma ang isang set o pangkat ng sistema sa pagsulat. Ang mga graféma ng Waráy ay mga titik at mga di-titik. Ang bawat titik ay mayroong katumbas na tunog at binibigkas batay sa natural na pagsasalitâ sa bawat lugar ng Silangang Visayas.

1.1 Titik.

Ang titik ay sagisag sa isang tunog sa pagsasalitâ. Binubuo ito ng mga patinig at ng mga katínig.

Ang serye ng mga titik ay tinatawag na alpabéto. Ang pinalawak na alpabétong Waráy ay binubuo ng dalawampu't walong (28) titik, at kumakatawan ang bawat isa sa isang tunog. Binibigkas o binabása ang mga titik sa tunog-Ingles maliban sa Ñ na binibigkas sa tunog-Español.

Aa <i>ey</i>	Bb <i>bi</i>	Cc <i>si</i>	Dd <i>di</i>	Ee <i>i</i>	Ff <i>ef</i>	Gg <i>dya</i>
Hh <i>eyts</i>	Ii <i>ay</i>	Jj <i>djej</i>	Kk <i>key</i>	Ll <i>el</i>	Mm <i>em</i>	Nn <i>en</i>
Ngng <i>endya</i>	Ññ <i>enye</i>	Oo <i>o</i>	Pp <i>pi</i>	Qq <i>kyu</i>	Rr <i>ar</i>	Ss <i>es</i>
Tt <i>ti</i>	Uu <i>yu</i>	Vv <i>vi</i>	Ww <i>dobolyu</i>	Xx <i>eks</i>	Yy <i>way</i>	Zz <i>zi</i>

1.2 Di-titik

Binubuo ang di-titik ng mga tuldik at mga bantas. Ang patuldok (¨) ay isang tuldik na inilalagay sa itaas ng titik Ee para gamitin sa tunog na schwa o pëpët.

Kumakatawan ang mga bantas sa mga patlang at himig ng pagsasalitâ sa pagitan ng mga titik at pantig, sa pagitan ng mga salitâ at mga parirala, at sa pagitan ng mga pangungusap. Ang paggâmit ng sumusunod na bantas ay katulad lámang sa Filipino.

Panigamnan:

An paggamit han mga tigaman ha panurát/kugit masunod han nababatasanan nga mga aludayday ha akademiko nga pagsurat.

An mga ngaran han mga kugit ha Waráy amo an masunod:

sisip – ‘kudlit’

kugit – ‘tuldik’

tigaman panpakiana – ‘tandang pananong’

batlang/bagis – ‘gitling’

turuok/kawhit – ‘kuwit’

tulbok – ‘tuldok’

hil-ot – ‘panaklong’

kugit-kugit – ‘panipi’

katingala – ‘tandang padamdang’

balaong/tulbok-kawhit – ‘tuldok-kuwit’

kambang – ‘tutuldok’

Palatandaan:

Ang paggámit sa mga bantas ay sumusunod sa mga nakaugaliang tuntunin sa pagsulat sa akademya.

Ang tawag sa mga bantas sa Waráy ay ang sumusunod:

sisip – ‘kudlit’

kugit – ‘tuldik’

tigaman panpakiana – ‘tandang pananong’

batlang/bagis – ‘gitling’

turuok/kawhit – ‘kuwit’

tulbok – ‘tuldok’

hil-ot – ‘panaklong’

kugit-kugit – ‘panipi’

katingala – ‘tandang padamdám’

balaong/tulbok-kawhit – ‘tuldok-kuwit’

kambang – ‘tutuldok’

2 | LATON NGAN PAGLALATON

Usá nga yunit han tunog an laton nga may-ada tiringgan o karuha nga tiringgan (kambal-patinig) ngan usá o mas damo pa nga mangarabay.

Kada tiringgan usá nga laton; samtáng, kinahanglan han kada mangarabay an usá nga tiringgan para mahimo nga usá nga laton.

Kadugangan pa, uusá la an tiringgan ha kada laton, samtáng, puydi sobra duha an mangarabay ha usá nga laton.

2.1 Porma han Laton.

An laton puydi kaupod hin usá nga tiringgan, o usá nga mangarabay ngan usá nga tiringgan, o puydi duha o mas damo pa nga mangarabay ngan usá nga tiringgan.

Ginrerepresentar hin letra nga **T** para ha **tiringgan** ngan letra nga **M** para ha **mangarabay** an masunod nga porma han laton ha pagsurat:

Porma	Pananglitan nga mga pulong
T	ë•ë
MT	da•úg
TM	ab•tík
MTM	but•law
MMT	pru•tas
TMM	eks•per•tó
MTMM	nars
MMTM	tray•si•kol
MMTMM	trans•por•mer
MMTMMM	shorts

Panginano nga an mga igintututdo nga porma han laton amo in nakasubay ha pamaagi han pagsurat ha yana nga panahon ngan diri ha posible nga tunog han usá nga laton. Sanglit, diri dinhi nahisasaysay an pagkakamay-ada hin karuha nga tiringgan ha laton dara han aludaydayan ha yana nga panahon han paagi ha

2 | PANTIG AT PALAPANTIGAN

Ang pantíg o sílabá ay isang yunit ng tunog na binubuo ng isang patinig o kambal-patinig at isa o mahigit pang katinig.

Bawat patinig ay isang pantig; samantala, kailangan ng bawat katinig ang isang patinig upang maging pantig.

Dagdag pa, may isa lámang na patinig sa bawat pantig samantalang maaaring mahigit sa dalawa ang katinig sa isang pantig.

2.1 Kayarian ng Pantig.

Ang pantig ay maaaring binubuo ng isang patinig, o isang katinig at isang patinig, o maaaring dalawa o higit pang katinig at isang patinig.

Sumusunod ang mga kayarian ng pantig sa pasulat na simbolo at kinakatawan ng **P** ang **patinig** at ng **K** ang **katinig**:

Kayarian	Halimbawang salitâ
P	ë•ë oo sa Este'
KP	da•úg 'panalo'
PK	ab•tík 'maabilidad'
KPK	but•law 'pagod'
KKP	pru•tas 'fruit'
PKK	eks•per•tô 'dalubhasa'
KPKK	nars 'nurse'
KKPK	tray•si•kol 'tricycle'
KKPKK	trans•por•mer 'aparotong pang-elektrika'
KKPKKK	shorts 'shorts'

Pansinin na ang mga itinanghal na kayarian ng pantig ay nakabatay sa paraan ng pagsulat sa kasalukuyan at hindi sa posibleng tunog sa isang pantig. Sa gayon, hindi nitó nailalarawan ang pagkakaroon ng kambal-patinig sa pantig dahil sa kasalukuyang tuntunin sa pagsulat ng pantig na may kambal-patinig. Pansinin din na ang

pagsurat han laton nga may karuha nga tiringgan. Tigamni liwat nga an mga laton nga may duha o sobra pa nga mga mangarabay amo an kaurugan nga pulong nga hinuram tíkang ha Español o Ingles.

2.2 Paglaton-laton han mga pulong.

An paglaton-laton amo an pamaagi ha pagtunga han usá nga pulong nga uyon ha mga laton nga iginporma dinhi. Nakabase ini ha letra o nakasurat nga mga simbolo.

Pananglitan:

/a•bu•han/ (abohan)
/a•ba•daw/ (abadaw)
/u•u•bu•hon/ (uubuhon)

lini an pira nga pamaagi:

Siyahan, kon may-ada magkasunod nga duha o sobra pa nga tiringgan ha unhan nga lugar, kabutngaán, ngan katapusán, iginbubulag ini ha laton.

Pananglitan:

/i•i•ni/ (iini)
/i•it•sa/ (iitsa)
/i•a•ro/ (iaro)
/ka•on/ (kaon)
/a•ya•ay/ (ayaay)
/a•ba•a/ (aba)
/ki•ta•a/ (kitaa)
/li•a•wa/ (liawa)
/di•in/ (diin)
/ti•aw/ (tiaw)
/ti•ak/ (tiak)
/bi•ti•is/ (bitiis)
/hi•a•ra/ (hiara)

Ikaduha, kon may-ada magkasunod nga mangarabay ha sakob han usá nga pulong, an siyahan igintitimpo ha ginsundan nga tiringgan, ngan an ikaduha igintitimpo ha nasunod nga laton (pantig).

mga pantig na may dalawa o mahigit pang katinig ay malimit na taglay ng salitang hiniram mula sa Español o Ingles.

2.2 Pagpapantig ng mga Salitâ.

Ang pagpapantig ay paraan ng paghati sa isang salitâ alinsunod sa mga pantig na ipinambuo dito. Nakabatay ito sa grafema o nakasulat na mga simbolo.

Halimbawa:

/a•bu•han/ (abohan) ‘kalan/pugon’

/a•ba•daw/ (abadaw) ‘asus’

/u•u•bu•hon/ (uubohon) ‘uubuhin’

Narito ang ilang tuntunin:

Una, kapag may magkasunod na dalawa o mahigit pang patinig sa posisyong pang-una, panggitna, at pandulo, ito ay inihihwalay na pantig.

Halimbawa:

/i•i•ni/ (iini) ‘ito’

/i•it•sa/ (iitsa) ‘ihagis’

/i•a•ro/ (iaro) ‘ihingi’

/ka•on/ (kaon) ‘kain’

/a•ya•ay/ (ayaay) ‘pobre’

/a•ba•a/ (abaa) ‘alas!’

/ki•ta•a/ (kitaa) ‘tingnan’

/li•a•wa/ (liawa) ‘aliwin’

/di•in/ (diin) ‘saan’

/ti•aw/ (tiaw) ‘joke’

/ti•ak/ (tiak) ‘sibak’

/bi•ti•is/ (bitiis) ‘binti’

/hi•a•ra/ (hiara) ‘sanay’

Ikalawa, kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salitâ, ang una ay isinasâma sa sinundang patinig at ang ikalawa ay isinasâma sa kasunod na pantig.

Pananglitan:

/am•bot/ (ambot)
/a•bug•ho/ (abugho)
/ab•yog/ (abyog)
/din•hi/ (dinhi)
/dug•han/ (dughan)
/bag•ting/ (bagting)
/bak•daw/ (bakdaw)
/i•rim•non/ (irimnon)
/kug•had/ (kughad)
/tik•wang/ (tikwang)
/but•kon/ (butkon)
/but•law/ (butlaw)

Nasasakop pa dinhi an mga **digrapo**, sugad han **/tsit•sa•ron/** (tsitsaron), **/kul•tson/** (kultson), **/Dis•yem•bre/** (Disyembre), **/en•tre•ga/** (entrega), **/en•tra/** (entra), **/gras•ya/** (grasya), **/gri•po/** (gripo)

Ikatulo, kon may-ada tulo nga magkasunod nga mangarabay ha sakob han usá nga pulong, an una nga duha naupod ha tiringgan han nasusundan nga laton ngan an ikatulo nahingangadto han nasunod nga laton.

Pananglitan:

/eks•per•to/ (eksperto)
/trans•fer/ (transfer)
/teks•to/ (teksto)

Ikaupat, kon an siyahan han tulo nga magkasunod nga mangarabay an **M** o **N** nga an nasunod bisan hain ha **BL, BR, DR, PL, PR**, ngan **TR**, an siyahan nga mangarabay (**M/N**) igin-uupod ha siyahan nga tiringgan ngan an nasunod nga duha nga mangarabay mahingangadto ha nasunod nga laton.

Pananglitan:

/si•lin•dro/ (silindro)
/tem•plo/ (templo)
/kom•pra•dor/ (komprador)
/sen•tro/ (sentro)

Halimbawa:

/am•bot/ (ambot) ‘ewan’
/a•bug•ho/ (abugho) ‘selos’
/ab•yog/ (abyog) ‘to cradle’
/din•hi/ (dinhi) ‘dito’
/dug•han/ (dughan) ‘chest’
/bag•ting/ (bagting) ‘tunog ng kampana’
/bak•daw/ (bakdaw) ‘tayô’
/i•rim•non/ (irimnon) ‘inúmin’
/kug•had/ (kughad) ‘maglabas ng plema’
/tik•wang/ (tikwang) ‘tulak’
/but•kon/ (butkon) ‘bisig’
/but•law/ (butlaw) ‘págod’

Nasasaklaw nitó pati ang mga **digrapo**, gaya ng **/tsit•sa•ron/** (tsitatsaron), **/kul•tson/** (kultson) ‘kutson’, **/Dis•yem•bre/** (Disyembre) ‘Disyembre,’ **/en•tre•ga/** (entrega) ‘bigay’, **/en•tra/** (entra) ‘pások’, **/gras•ya/** (grasya) ‘biyaya’, **/gri•po/** (gripo) ‘faucet’

Ikatlo, kapag may tatlong magkakasunod na katinig sa loob ng isang salitâ, ang unang dalawa ay sumasâma sa patinig ng sinundang pantig at ang ikatlo ay napupunta sa kasunod na pantig.

Halimbawa:

/eks•per•to/ (eksperto) ‘sanây’
/trans•fer/ (transfer) ‘lípat’
/teks•to/ (teksto) ‘teksto’

Ikaapat, kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay **M** o **N** at ang kasunod ay alinman sa **BL, BR, DR, PL, PR**, at **TR**, ang unang katinig (**M/N**) ay isinasâma sa unang patinig at ang sumunod na dalawang katinig ay napupunta sa kasunod na pantig.

Halimbawa:

/si•lin•dro/ (silindro) ‘silindro’
/tem•plo/ (templo) ‘templo’
/kom•pra•dor/ (komprador) ‘mamimíli’
/sen•tro/ (sentro) ‘sentro’

Ikalima, kon may-ada upat nga nagsusurunod nga mangarabay ha sakob han usá nga pulong, igin-uupod an siyahan nga duha nga mangarabay ha ginsusundan nga tiringgan ngan igin-uupod an urhi nga duha nga mangarabay ha nasunod nga laton.

Pananglitan:

/trans•plant/ (transplant)

2.3 Laton nga Inuutro.

Kon an pulong, nagtitikáng ha tiringgan (patinig), an tiringgan (patinig) la an uutruhon.

Pananglitan:

/i•ig•baw/ (iigbaw)

/i•it•sa/ (iitsa)

/u•u•bu•hon/ (uubuhon)

Nahinanabo liwat ini bisan may-ada panlakip (panlapi) an pulong.

Pananglitan:

/ma•i•ig•baw/ (maiigbaw)

/na•a•ang•kab/ (naaangkab)

/na•a•a•yad/ (naaayad)

/na•a•a•wod/ (naawod)

/ma•ë•ë•ngëd/ (maëëngëd)

Kon nagtitikáng ha porma nga MT an pulong, an siyahan nga laton la an inuutro.

Pananglitan:

/la•la•kat/ (lalakat)

/ka•ka•wa•ton/ (kakawaton)

/ba•ba•li•kad/ (babalikad)

Nahinanabo liwat ini bisan may-ada panlakip an ugat han usá nga pulong/tinikangan nga pulong.

Pananglitan:

/gin•ra•ra•bu•tan/ (ginrarabutan)

/mag•la•la•ba/ (maglalaba)

/ma•hi•bi•bi•lin/ (mahihibilin)

Ikalima, kapag may apat na magkakasunod na katinig sa loob ng isang salitâ, isinasâma ang unang dalawang katinig sa sinusundang patinig at isinasâma ang hulíng dalawang katinig sa kasunod na pantig.

Halimbawa:

/trans•plant/ (transplant)

2.3 Pantig na Inuulit.

Kapag ang salitâ ay nagsisimula sa patinig, ang patinig lámang ang inuulit.

Halimbawa:

/i•ig•baw/ (iigbaw) ‘ilagay sa itaas’

/i•it•sa/ (iitsa) ‘ihagis’

/u•u•bu•hon/ (uubuhon) ‘uubuhin’

Nagaganap din ito kahit may panlapi ang salitâ.

Halimbawa:

/ma•i•ig•baw/ (maiigbaw) ‘matataas’

/na•a•ang•kab/ (naaangkab) ‘nakakagat’

/na•a•a•yad/ (naayad) ‘naaayos’

/na•a•a•wod/ (naawod) ‘nahihiya’

/ma•ë•ë•ngëd/ (maëëngëd) ‘matutuloy/magkakatotoo’

Kapag nagsisimula sa kayariang KP ang salitâ, ang unang pantig lámang ang inuulit.

Halimbawa:

/la•la•kat/ (lalakat) ‘aalis’

/ka•ka•wa•ton/ (kakawaton) ‘nanakawin’

/ba•ba•li•kad/ (babalikad) ‘mabubuwal’

Nagaganap din ito kahit may panlapi ang salitâng-ugat.

Halimbawa:

/gin•ra•ra•bu•tan/ (ginrarabutan) ‘sinasabunutan’

/mag•la•la•ba/ (maglalaba) ‘maglalaba’

/ma•hi•bi•bi•lin/ (mahihibilin) ‘maiwanan’

Kon nagtitikang an pulong ha karuha nga mangarabay o parungpóng-mangarabay (consonant cluster), an siyahan nga mangarabay ngan tiringgan la amo an inuutro.

Pananglitan:

/i•pa•pla•no/ (ipaplano)

/mag•ta•trans•port/ (magtatransport)

/pi•pri•tu•hon/ (piprituhon)

Nahinanabo ini bisan ha kaso nga diri pa nakareispel an langyaw nga pulong.

Pananglitan: **/mag•be•blessing/, /i•pa•ko•close/, /i•se•share/.**

Sugad man, puydi magin varyant an pag-utro han duha nga mangarabay ngan tiringgan, sugad han **/i•pla•pla•no/, /mag•ble•blessing/.**

Kapag nagsisimula ang salitâ sa kambal-katinig o kumpol-katinig (consonant cluster), ang unang katinig at patinig lâ mang ang inuulit.

Halimbawa:

/i•pa•pla•no/ (ipaplano)

/mag•ta•trans•port/ (magtatransport)

/pi•pri•tu•hon/ (piprituhon) ‘pripirtuhin’

Nagaganap ito kahit sa kaso ng hindi pa nakareispiel na salitâng banyaga.

Halimbawa: **/mag•be•blessing/, /i•pa•ko•close/, /i•se•share/.**

Gayunman, maaaring ituring na varyant ang pag-uulit ng dalawang katinig at patinig, gaya sa **/i•pla•pla•no/, /mag•ble•blessing/.**

3 | PAG-ISPEL NGA PALUWAS

Usá-usá nga ginluluwas ha matipig nga pagkasunod-sunod an mga letra nga gingagamit ha usá nga pulong (salitâ), laton, akronim, pahalipot (daglat), inisyals, simbolo nga pansiyensiyá, ngan iba pa.

3.1 Laton

Pagsurat	Pagluwas
na	/en-ey/
ha	/eyts-ey/
kan	/key-ey-en/
pag	/pi-ey-dyi/
nag	/en-ey-dyi/

3.2 Pulong

Pagsurat	Pagluwas
adlaw	/ey-di-el-ey-dobolyu/
Jose	/Kapital dyey-o-es-i/
Samar	/Kapital es-ey-em-ey-ar/
saging	/es-ey-dyi-ay- endyi/

3 | PAGBAYBAY NA PASALITÂ

Isa-isang binibigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ang mga letrang bumubuo sa isang salitâ, pantig, akronim, daglat, inisyals, simbolong pang-agham, atbp.

3.1 Pantig

Pagsurat	Pagluwas
na	/en-ey/
ha	/eyts-ey/
kan	/key-ey-en/
pag	/pi-ey-dyi/
nag	/en-ey-dyi/

3.2 Salitâ

Pagsurat	Pagluwas
adlaw	/ey-di-el-ey-dobolyu/
Jose	/Kapital dyey-o-es-i/
Samar	/Kapital es-ey-em-ey-ar/
saging	/es-ey-dyi-ay- endyi/

3.3 Acronym

SAMELCO (Samar Electric Cooperative)	/kapital es-kapital ey-kapital em-kapital i-kapital el-kapital si-kapital o/
LEYECO (Leyte Electric Cooperative)	/kapital el-kapital i-kapital way-kapital i-kapital si-kapital o/
PAGASA (Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration)	/kapital pi-kapital ey-kapital dyi-kapital ey-kapital es-kapital ey/
SSS (Social Security System)	/kapital es-kapital es-kapital es/
DBP (Development Bank of the Philippines)	/kapital di-kapital bi-kapital pi/
UEP (University of Eastern Philippines)	/kapital yu-kapital e-kapital pi/

3.4 Pahalipot

Mr. (Mister)	/kapital em-ar tulbok/
Mrs. (Misis)	/kapital em-ar-es tulbok/
Ms. (Miss)	/kapital em-es tulbok/
Dr. (Doktor)	/kapital di-ar tulbok/
Hon. (Honorable)	/kapital eyts-o-en tulbok/

3.5. Inisyals

3.5.1. Mga Tawo/Butang

JPR (Jose P. Rizal)	/kaptial dyey-kapital pi-kapital ar/
CP (Cellular Phone)	/kapital si-kapital pi/
RD (Regional Director)	/kapital ar-kapital di/
PC (Personal Computer)	/kapital pi-kapital si/

3.3 Akronim

SAMELCO (Samar Electric Cooperative)	/kapital es-kapital ey-kapital em-kapital i-kapital el-kapital si-kapital o/
LEYECO (Leyte Electric Cooperative)	/kapital el-kapital i-kapital way-kapital i-kapital si-kapital o/
PAGASA (Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration)	/kapital pi-kapital ey-kapital dyi-kapital ey-kapital es-kapital ey/
SSS (Social Security System)	/kapital es-kapital es-kapital es/
DBP (Development Bank of the Philippines)	/kapital di-kapital bi-kapital pi/
UEP (University of Eastern Philippines)	/kapital yu-kapital e-kapital pi/

3.4 Daglat

Mr. (Mister)	/kapital em-ar tulbok/
Mrs. (Misis)	/kapital em-ar-es tulbok/
Ms. (Miss)	/kapital em-es tulbok/
Dr. (Doktor)	/kapital di-ar tulbok/
Hon. (Honorable)	/kapital eyts-o-en tulbok/

3.5. Inisyals

3.5.1. Mga Tao/Bagay

JPR (Jose P. Rizal)	/kaptial dyey-kapital pi-kapital ar/
CP (Cellular Phone)	/kapital si-kapital pi/
RD (Regional Director)	/kapital ar-kapital di/
PC (Personal Computer)	/kapital pi-kapital si/

3.5.2. Mga Organisasyon/Institusyon/Lugar

SSU (Samar State University)	/kapital es-kapital es-kapital yu/
LNU (Leyte Normal University)	/kapital el-kapital en-kapital yu/
PSA (Philippine Statistics Authority)	/kapital pi-kapital es-kapital ey/
LMWD (Leyte Metropolitan Water District)	/kapital el-kapital em-kapital dobolyu-kapital di/
APO (Alpha Phi Omega)	/kapital ey-kapital pi-kapital o/
SPG (Supreme Pupil Government)	/kapital es-kapital pi-kapital dyi/
BA (Bugto Association)	/kapital bi-kapital ey/

3.5.3. Simbolo nga Pansiyensiya ngan Panmatematika

Kl. (Kilo)	/kapital key-el tulbok/
Km. (Kilometro)	/kapital key-em tulbok/
H2O (Water)	/kapital eyts-duha-kapital o/
cm. (centimeter)	/si-em tulbok/

3.5.2. Mga Samahán/ Institusyon/Pook

SSU (Samar State University)	/ kapital es-kapital es-kapital yu/
LNU (Leyte Normal University)	/ kapital el-kapital en-kapital yu/
PSA (Philippine Statistics Authority)	/ kapital pi-kapital es-kapital ey/
LMWD (Leyte Metropolitan Water District)	/ kapital el-kapital em-kapital dobolyu-kapital di/
APO (Alpha Phi Omega)	/ kapital ey-kapital pi-kapital o/
SPG (Supreme Pupil Government)	/ kapital es-kapital pi-kapital dyi/
BA (Bugto Association)	/ kapital bi-kapital ey/

3.5.3. Simbolong Pang-agham/Pangmatematika

Kl. (Kilo)	/ kapital key-el tulbok/
Km. (Kilometro)	/ kapital key-em tulbok/
H ₂ O (Water)	/ kapital eyts-duha-kapital o/
cm. (centimeter)	/ si-em tulbok/

4 | PAG-ISPEL NGA PASURAT

Nasusunod la ngahaw an pamaagi nga “Kon ano an pagluwas, asya an surat” ha pasurat nga pag-ispel. Siyempre, diri iton nasusunod ha “**mga**” nga usá nga pagpahaliopot han kadaan nga baybay hini nga “**manga**.”

4.1. Gamit han Walo nga Bag-o nga Letra.

Usá nga pagbag-o ha pag-ispel nga pasurat an paggamit han walo (8) nga dugang nga mga letra ha moderno nga alpabeto: **C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z.**

Siyahan nga mga gamit hini an pagpabilin han mga kapareho nga tunog ha pagsurat han mga pulong tikang ha mga unob nga pinulungan han Filipinas.

An mga letra nga F, J, V, ngan Z labí nga importante para tahuron an magkapareho nga tunog ha mga unob nga pinulungan.

Diri sugad hadton panahon han abakada nga an “Ifugaw” gin-iispel nga “Ipugaw” ngan an “Ivatan” iginsusurat nga “Ibatan.”

Aadi an iba pa nga pananglitan:

safot	(Ibaloy) láwa han tabaraw
falendang	(Tiruray) ginhuhuyop nga turonggon nga may nakapiit nga dahon ha huroypan.
jalan	(Tausug) aragihan/kalsada/sigad
masjid	(Tausug, Méranaw tikang ha Arabe) balay pangadian han mga Muslim o sambahan
vakul	(Ivatan) pantaklob ha ulo nga tikang ha banwá nga gingagamit para panalipod ha uran ngan kapaso han adlaw
vuyu	(Ibanag) komita
zigattu	(Ibanag) sinirangan

4 | PAGBAYBAY NA PASULÁT

Natutupad pa rin ang tuntuning “Kung ano ang bigkas, siyáng sulat” sa pagbaybay na pasulát. Siyempre, hindi ito nasusunod sa **mga** na isang pagpapaikli sa lumang baybay nitóng “**manga**.”

4.1. Gámit ng Walong Bagong Titik.

Isang pagbabago sa pagbaybay na pasulát ang paggámit ng walong (8) dagdag na titik sa modernisadong alpabeto: **C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z**.

Pangunahing gámit ng mga ito ang pagpapanatili ng mga kahawig na tunog sa pagsulat ng mga salitâ mula sa mga katutubong wika ng Filipinas.

Ang mga titik na F, J, V, at Z ay napakaimportante upang maigalang ang mga kahawig na tunog sa mga katutubong wika.

Hindi katulad noong panahon ng abakada na ang “lfugaw” binabaybay ng “Ipugaw” at ang “lvatan” isinusulat na “Ibatan.”

Narito ang ilang halimbawa:

safot	(Ibaloy) sapot ng gagamba
falendang	(Tiruray) plawtang pambibig na may nakaipit na dahon sa ihipan
jalan	(Tausug) daan o kalsada
masjid	(Tausug, Mëranaw mula sa Arabe) tawag sa gusaling sambahan ng mga Muslim
vakul	(lvatan) pantakip sa ulo na yari sa damo na ginagámit bílang pananggalang sa ulan at init ng araw
vuyu	(Ibanag) bulalakaw
zigattu	(Ibanag) silángan

Gingagamit an walo nga dugang o kadugangan nga letra ha mga ngaran hin tawo, lugar, ngan butang.

Sto. Niño
Jipapad
Can-avid
Feliza
Xerox
Quirino
Quinapondan

4.2 Bag-o nga Huram nga Pulong.

Gingagamit liwat an walo nga dugang nga letra ha mga bag-o nga huram nga pulong tíkang Español, Ingles, ngan iba pa nga mga pulong nga langyaw.

Panumdom: mga bag-o nga huram. An karuyag sidngon, diri kinahanglan igbalik ha orihinal nga porma an mga huram nga pulong nga nahigaraan na an pag-ispel nga nauyon ha abakadahan.

Pananglitan, diri kinahanglan igbalik an F ha orihinal nga forma ha Español kay maiha na nga gingagamit an pórma sugad han mga gintikangan nga pormál, impormál, pormalidád, nadidiporma, ngan damo pa.

Diri na liwat kinahanglan igbalik an pirma ha *firma*, an bintana ha *ventana*, an kalye ha *calle*, an tseke ha *cheque*, an pinya ha *piña*, an hamón ha *jamón*, an eksistensiya ha *existencia*, an sapatos ha *zapatos*.

Samtang, hiunong han walo nga dugang nga letra, damo nga pulong tíkang ha Ingles ngan Español an puydi huramon nga diri nagkikinahanglan hin pagbag-o han ispelang, sugad han fiber, fuse, flight, pyramid, van, vial, virgin, vocalist, vigil, visa, facsimile, zipper, zigzag, zoom, zodiac, zoo.

4.3. Panhuhuram Gamit an 8 nga Bag-o nga Letra.

An ngatanan nga walo nga dugang nga letra, gingagamit ha tulo nga higayon han panhuhuram tíkang ha mga langyaw nga pinulungan.

Siyahan, ha mga piho nga panngaran (pangngalang pantangi) nga huram ha langyaw nga pinulungan.

Ginagámit ang walong dagdag na titik sa mga pangalan ng tao, lugar, at bagay.

Sto. Niño
Jipapad
Can-avid
Feliza
Xerox
Quirino
Quinapondan

4.2 Bagong Hiram na Salitâ.

Ginagámit din ang walong dagdag na titik sa mga bagong hiram na salitâ mulang Español, Ingles, at ibáng wikang banyaga.

Tandaan: mga bagong hiram. Ang ibig sabihin, hindi kailangang ibalik sa orihinal na anyo ang mga hiram na salitâng lumaganap na sa baybay ng mga ito alinsunod sa abakadahan.

Halimbawa, hindi dapat ibalik ang F ng orihinal na forma sa Español dahil ginagámit nang matagal ang pórma pati ang mga deribatibo nitóng pormâl, impormâl, pormalidád, nadidiporma, atbp.

Hindi rin dapat ibalik ang pirma sa *firma*, ang bintana sa *ventana*, ang kalye sa *calle*, ang tseke sa *cheque*, ang pinya sa *piña*, ang hamón sa *jamón*, ang eksistensiya sa *existencia*, ang sapatos sa *zapatos*.

Samantala, dahil sa walong dagdag na titik, maraming salitâ mulang Ingles at Español ang maaaring hiram nang hindi nangangailangan na baguhin pa ang ispeling, gaya ng fiber, fuse, flight, pyramid, van, vial, virgin, vocalist, vigil, visa, facsimile, zipper, zigzag, zoom, zodiac, zoo.

4.3 Panghihiram Gámit ang 8 Bagong Titik.

Ang lahat ng walong dagdag na titik ay ginagámit sa tatlong pagkakataón ng panghihiram mula sa mga wikang banyaga.

Una, sa mga pangngalang pantangi na hiram sa wikang banyaga.

Pananglitan:

Charles, Ceferino, Catherine, Colorado, Fidel, Filipinas, Feliza, San Fernando, Jason, Jennifer, St. Joseph, Jupiter, Beijing, Niñez, Montaña, Santo Niño, Enrique, Quiroga, Qurino, Vicente, Vladimir, Nueva Vizcaya, Vancouver, Xerxes, Maximo, Mexico, Zenaida, Zion, Zobel, Zanzibar.

Ikaduha, ha mga terminolohiyá nga siyentipiko ngan teknikal.

Pananglitan:

carbon dioxide, jus sanguinis, quorum, quo warranto, text, ultra-sound, vat, vigil, vow, virus, vista, x-ray, xylophone, x'mas, x-axis, oxygen, zero.

Ikatulo, ha mga pulong nga makuri igreispel.

Pananglitan:

cauliflower, flores de mayo, jaywalking, quiz, mix, pizza, zebra, see-saw, seismology, sequester, scaffolding, phlegm.

4.4. Eksperimento ha Ingles.

Tinutugutan mag-eksperimento ha pagreispel han mga bag-o nga huram ha Ingles ngan ha iba pa nga langyawanon nga pamúlong.

Pananglitan:

istambay (stand by)
iskul (school)
iskedyul (schedule)
pulis (police)
boksing (boxing)
rises (recess)
bilding (building)
groseri (grocery)
anderpas (underpass)
haywey (highway)
trapik (traffic)
gradweyt (graduate)
korni (corny)
pisbol (fishball)
masinggan (machinegun)
armalayt (armalite)

Halimbawa:

Charles, Ceferino, Catherine, Colorado, Fidel, Filipinas, Feliza, San Fernando, Jason, Jennifer, St. Joseph, Jupiter, Beijing, Niñez, Montaña, Santo Niño, Enrique, Quiroga, Qurino, Vicente, Vladimir, Nueva Vizcaya, Vancouver, Xerxes, Maximo, Mexico, Zenaida, Zion, Zobel, Zanzibar.

Ikalawa, sa mga katawagang siyentipiko at teknikal.

Halimbawa:

carbon dioxide, jus sanguinis, quorum, quo warranto, text, ultra-sound, vat, vigil, vow, virus, vista, x-ray, xylophone, x'mas, x-axis, oxygen, zero.

Ikatlo, sa mga salitâ na mahirap ireispel.

Halimbawa:

cauliflower, flores de mayo, jaywalking, quiz, mix, pizza, zebra, see-saw, seismology, sequester, scaffolding, phlegm.

4.4. Eksperimento sa Ingles.

Pinapayagang mag-eksperimento sa reispeling ng mga bagong hiram sa Ingles at sa ibâ pang wikang banyaga.

Halimbawa:

istambay (stand by)
iskul (school)
iskedyul (schedule)
pulis (police)
boksing (boxing)
rises (recess)
bilding (building)
groseri (grocery)
anderpas (underpass)
haywey (highway)
trapik (traffic)
gradweyt (graduate)
korni (corny)
pisbol (fishball)
masinggan (machinegun)
armalayt (armalite)

An sugad nga reispeling may-ada dako nga bulig ha mga estudyante dara nga mas madali nira nakikilal-an an nakasurat nga bersiyon han pulong.

San-o Diri Pa Puydi an Reispeling.

Pero ginpupudngan an pagwa-Waráy han ispeling han mga bag-o nga haram kon:

1. nagigin pataraw-an an porma ha Waráy
2. nagigin sobra pa kakuri basahon an bag-o nga porma kontra han orihinal
3. naruruba an mahinungdanon nga pankultura, panrelihiyon, o pampolitika nga tinikangan
4. mas kilala an porma ha orihinal, ngan
5. nakakahimo hin kagupong an bag-o nga porma kay may-ada kapareho nga pulong ha Waráy.

Pananglitan:

- 'kok' (coke)
- 'karbon day-oksayd' (carbon dioxide)
- 'bagets' (baguette)
- 'bukey' (bouquet)
- 'dyuti-fri' (duty free)
- 'habyas korpus' (habeas corpus)
- 'fung soy' (feng shui)
- 'pitsa pay' (pizza pie)
- 'ays krim' (ice cream)

4.5. Español Anay, Antis Ingles.

Iginmumuhang nga an siyahan nga pilion an kapareho nga kahulugan han pulong nga natikang ha Español kontra ha Ingles kay mas nauyon an pagluwas ngan pag-ispel ha Waráy ha pulong Español kontra ha Ingles.

Mas masayon basahon ngan iglaton an masunod:

estandardisasyon (estandardizacion) nga tikang ha Español
istandardiseysiyon (standardization) nga tikang ha Ingles

- bagáhe** (*bagaje*)
- bageyds (*baggage*)
- birtúd** (*virtud*)
- virtyu (*virtue*)
- ísla** (*isla*)
- ayland (*island*)

Ang ganitong reispeling ay malaking tulong sa mga mag-aaral dahil higit na madali nilang makikilala ang nakasulat na bersiyon ng salita.

Kailan Hindi Pa Maaari ang Reispeling.

Ngunit tinitimpi ang pagsasa-Waray ng ispeling ng mga bagong hiram kapag:

1. nagiging katawa-tawa ang anyo sa Waray
2. nagiging higit pang mahirap basáhin ang bagong anyo kaysa orihinal
3. nasisira ang kabuluhang pangkultura, panrelihiyon, o pampolitika ng pinagmulan
4. higit nang popular ang anyo sa orihinal, at
5. lumilikha ng kaguluhan ang bagong anyo dahil may kahawig na salita sa Waray.

Halimbawa:

- 'kok' (coke)
- 'karbon day-oksayd' (carbon dioxide)
- 'bagets' (baguette)
- 'bukey' (bouquet)
- 'dyuti-fri' (duty free)
- 'habyas korpus' (habeas corpus)
- 'fung soy' (feng shui)
- 'pitsa pay' (pizza pie)
- 'ays krim' (ice cream)

4.5. Español Muna, Bago Ingles.

Iminumungkahi na unahing pipiliin ay ang magkasingkahulugan na salita na mula sa Español kaysa Ingles dahil mas malapit ang sa pagbigkas at pagbaybay sa Waray ng Español kaysa sa Ingles.

Higit na magaang basáhin at pantigin ang sumusunod:
estandardisasyon (estandardización) na mulang Español
istandardiseysiyon (standardization) na mulang Ingles

- bagáhe** (*bagaje*)
- bageyds (*baggage*)
- birtúd** (*virtud*)
- virtyu (*virtue*)
- ísla** (*isla*)
- ayland (*island*)

imahen (*imagen*)
imeyds (*image*)
sopistikádo (*sofisticado*)
sofistikeyted (*sophisticated*)
gradwasyón (*graduacion*)
gradweysiyon (*graduation*)

4.6. Hirot han “Siyokoy”

Paghirot han mga diri asya nga paggamit han pulong nga nasarang na. Sugad han mga pulong nga diri Español ngan diri liwat Ingles. Ini an resulta han kakulangan han hibaro ha tama nga anyo han Español. Gintatawag ini nga pulong nga siyokoy ni Virgilio S. Almario.

Pipira nga siyokoy yana:

“aspeto” nga diri an Español nga *aspecto*
“pesante” nga diri an tumpak nga *paisano* han Español
bisan an *peasant* han Ingles
“kontemporaryo” nga diri an **kontéporaneó**
(*contemporaneo*) han Español
“endorso” nga sabot nga nahingangasiring nga *endorse*
han Ingles nga **endóso** ha Español

Iginsasagdon nga kumonsulta ha matatapuran nga diksiyonaryo ha Español san-o hubaron ha Español an karuyag sidngon unta ha Ingles.

O di ngani, ayaw kaawod paggamit han ginkasabutan ha Ingles kon asya an mas nahibabaruan: *aspect, image, peasant, contemporary, endorse*.

O di ngani, mas hibabaro an katawhan kon an katugbang nga pulong ha Waráy an gagamiton: **hitsura, mag-uroma, katalagibay, tinudlok o ginkasarabutan**.

4.7. Gamit han J.

Ha pangkabug-usan, an bag-o nga letra nga **J** an gingagamit ha tunog nga **/dyey/**. Karuyag sidngon, diri na iton gagamiton ha panhuram nga natíkang ha Español an mga pulong nga J nga may tunog nga **/eyts/** ngan tinutugbangan hin H, sugad han ginhimo hadto han *justo* ngan *juez* nga may-ada porma na yana nga **husto** ngan **huwes**.

imahen (*imagen*)
imeyds (*image*)
sopistikádo (*sofisticado*)
sofistikeyted (*sophisticated*)
gradwasyón (*graduacion*)
gradweysiyon (*graduation*)

4.6. Ingat sa “Siyokoy”

Mag-ingat sa mga malíng paggámit ng salitâ na lumalaganap na. Tulad ng mga salitâng hindi Español at hindi rin Ingles. Ito ay bunga ng kakulangan ng kaalaman sa wastong anyong Español. Tinatawag ito ni Virgilio S. Almario na salitâng siyokoy.

Ilang siyokoy ngayon:

“aspeto” na hindi ang Español na *aspecto*

“pesante” na hindi ang tumpak na *paisano* ng Español ni ang *peasant* ng Ingles

“kontemporaryo” na hindi ang **kontémporaneó** (*contemporaneo*) ng Español

“endorso” na halatang naipagkakamali ang *endorse* ng Ingles sa **endóso** ng Español

Ipinapayo ang pagkonsulta sa mapagkakatiwalaang diksiyonaryong Español bago isalin sa Español ang nais sanang sabihin sa Ingles.

O kayâ, huwag ikahiya ang paggamit ng terminong Ingles kung iyon ang higit na alam: *aspect, image, peasant, contemporary, endorse*.

O kayâ, maaaring higit na maintindihan ng madla kung ang katapat na salitâ sa Waráy ang gagamítin: **hitsura** ‘mukhâ,’ **mag-uroma** ‘magbubukíd o magsasaká,’ **katalagibay** ‘kapanahón o nâpâpanahón,’ **tinudlok o ginkasarabutan** ‘pinilí o pinagtibay.’

4.7. Gamit ng J.

Sa pangkalahatan, ang bagong titik na **J** ay ginagámit sa tunog na **/dyey/**. Ibig sabihin, hindi na ito gagamítin sa panghihiram mulang Español ng mga salitâng ang **J** ay may tunog na */eyts/* at tinatapatan ng **H**, gaya ng ginawa noon sa *justo* at *juez* na may anyo na ngayong **husto** at **huwes**.

Gagamiton, ha yana, an bag-o nga letra nga J ha mga unob nga pulong nga may-ada tunog /dyey/, kapareho han jalan ngan jantung han Tausug, sinjal han Ibaloy, ngan jinjin ngan ijang han Ivatan.

Gagamiton liwat ito ha mga bag-o nga hram nga pulong, sugad han jet, jam, jazz, jester, jingle, joy, enjoy han Ingles, jujitsu han Japones, ngan jataka han Sanskrit.

Diri naman kinahanglan igbalik an J ha mga pulong nga Ingles nga maiha na nga iginsusurat nga may DY, sugad han dyip (*jeep*), dyanitor (*janitor*), ngan dyaket (*jacket*).

Ilalapat, sa gayon, ang bagong titik na J sa mga katutubong salitâ na may tunog /dyey/, gaya ng jalan at jantung ng Tausug, sinjal ng lbaloy, at jijin at ijang ng Ivatan.

Gagamitin din ito sa mga bagong hiram na salitâ, gaya ng jet, jam, jazz, jester, jingle, joy, enjoy ng Ingles, jujitsu ng Hapones, at jataka ng Sanskrit.

Hindi naman kailangang ibalik ang J sa mga salitâng Ingles na matagal nang isinusulat nang may DY, gaya sa dyip (*jeep*), dyanitor (*janitor*), at dyaket (*jacket*).

5 | KASO HAN KARUHA NGA TIRINGGAN

Ha pangkabug-usan, nawawara an siyahan nga tiringgan ha mga karuha nga tiringgan nga I + (A, E, O) ngan U + (A, E, I) kon ginsisingitan hin Y ngan W an pagsurat.

An karuyag sidngon, nababalyuan hin Y an orihinal nga I ngan hin W an orihinal nga U ha diptonggo.

Sugad hini an nahinanabo:

akasYA (*acacia*)
tenYEnte (*teniente*)
benepiSYO (*benepicio*)
indibidWAL (*indibidual*)
agWAdor (*aguador*)
sinigWELas (*chineguelas*)
perWIsyo (*prejuicio*)

Puydi ig-isplikar an nahinanabo nga an I ngan U ginkikilala nga maluya nga tiringgan kon igkukumpara ha mga tiringgan nga A, E, O nga ginkikilala naman nga makusog nga tiringgan.

Ha yana, nawawara an tunog nga I ngan U kon nababalyuan han tunog nga Y ngan W.

Pagpasabot: Nahihimo nga naglulugaring nga laton an karuha nga tiringgan nga nabalyuan han Y o W an siyahan nga tiringgan.

Pero may-ada upat (4) nga eksempsiyón ha kabug-usan nga pamaagi. May-ada nauuyon nga rason liwat an kada eksempsiyón.

5.1. Siyahan nga eksempsiyón: Kon an karuha nga tiringgan nasunod ha mangarabay ha una nga laton han pulong.

Pananglitan:

bIYAhe (*viaje*)
gIYA (*guia*)
tIYA (*tía*)
dIYAleкто (*dialecto*)

5 | KASONG KAMBAL-PATINIG

Sa pangkalahatan, nawawala ang unang patinig sa mga kambal-patinig na I + (A, E, O) at U + (A, E, I) kapag siningitan ng Y at W sa pagsulat.

Ang ibig sabihin, napapalitan ng Y ang orihinal na I at ng W ang orihinal na U sa diptonggo.

Ganito ang nagaganap:

akasYA (*acacia*)
tenYente (*teniente*)
benepisYO (*benepicio*)
indibidWAL (*indibidual*)
agWAdor (*aguador*)
sinigWELas (*chinelguelas*)
perWIsyo (*prejuicio*)

Maaaring ipaliwanag ang pangyayari na ang I at U ay itinuturing na mahihinang patinig kung ikokompara sa mga patinig na A, E, O na itinuturing namang malalakas na patinig.

Sa gayon, naglalaho ang tunog ng I at U kapag napalitan ng tunog na Y at W.

Pansinin: Nagiging isang nagsasariling pantig ang kambal-patinig na napalitan ng Y o W ang unang patinig.

Ngunit may apat (4) na kataliwasan sa pangkalahatang tuntunin. May kaukulang katwiran din ang bawat kataliwasan.

5.1. Unang kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa katinig sa unang pantig ng salitâ.

Halimbawa:

bIYAhe (*viaje*)
gIYA (*guia*)
tIYA (*tia*)
dIYAlekto (*dialecto*)

pIYAnsa (*pianza*)
tIYEmpo (*tiempo*)
bIYErnes (*viernes*)
hUWEs (*juez*)
kUWElyo (*cuello*)
pIYAno (*piano*)
pIYEsá (*pieza*)
bIYUda (*viuda*)
pUWErsa (*fuerza*)

Pagpasabot: natutungá ha duha nga laton an karuha nga tiringgan.

Pero, para magpabilin an nahigaraan na nga pagluwas han kadam-an nga dayo nga pulong nga gingagamit kada adlaw, iispelon nga nasubay ha pagluwas. An mga pulong amo an masunod:

Eksempsiyón: bAYnte (*viente*), rAYna (*reina*), prAYOridad (*prioridad*), tUAlya (*tualla*), bUYno (*bueno*), pUYdi (*puede*), pURta (*fuerta*)

5.2. Ikaduha nga eksempsiyón: kon an karuha nga tiringgan nasunod ha duha o mas damo pa nga laton-mangarabay (*consonant cluster*) ha sakob han pulong.

Pananglitan:

ostiYA (*hostia*)
impIYERno (*infierno*)
direkSIYOn (*direccion*)
leksIYON (*leccion*)
eleksIYOn (*eleccion*)
kuwestIYOn (*cuestion*)
lenggUWAhe (*lenguaje*)
pensiYOn (*pension*)
engkUWEntro (*encuentro*)
biskUWIT (*biscuit*)

May-ada katuyuanan nga pedagohiko ini nga eksempsiyón.

An pagpabilin han siyahan nga tiringgan usá nga paagi ha “pagpahukal” ha mga laton ngan para mabuligan an mga estudyante ha paglaton-laton han mga pulong.

pIYAnsa (*pianza*)
tIYEmpo (*tiempo*)
biYErnes (*viernes*)
hUWEs (*juez*)
kUWElyo (*cuello*)
pIYAno (*piano*)
pIYEsá (*pieza*)
biYUda (*viuda*)
pUWErsa (*fuerza*)

Pansinin: nahahati sa dalawang pantig ang kambal-patinig.

Ngunit, para mapanatili ang kinasanayang bigkas ng ilang hiram na salitâ na ginagamit sa araw-araw, babaybayín ito ayon sa pagbigkas dito. Ang mga salitâng ito ay ang sumusunod:

Kataliwasan: bAYnte (*viente*), rAYna (*reina*), prAYOridad (*prioridad*), tUAlya (*tualla*), bUYno (*bueno*), pUYdi (*puede*), pURta (*fuerta*)

5.2. Ikalawang kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa dalawa o mahigit pang kumpol-katinig (consonant cluster) sa loob ng salitâ.

Halimbawa:

ostiYA (*hostia*)
impiYErno (*infierno*)
direkSIYOn (*dirección*)
leksiyON (*lección*)
eleksiyON (*elección*)
kuwestiyON (*cuestión*)
lenggUWAhe (*lenguaje*)
pensiyON (*pension*)
engkUWEntro (*encuentro*)
biskUWIT (*biscuit*)

May layuning pedagogiko ang kataliwasang ito.

Ang pagpapanatili sa unang patinig ay isang paraan ng “pagpapaluwag” sa mga pantig at upang matulungan ang mag-aaral sa pagpapantig ng salitâ.

Pinsará, pananglitan, an mga nakakahatag hin kagupong ha mga estudyante kon aanhon an paglaton-laton han **indUSTRYa** (*industria*) o **imPLuWeNSYa** (*influencia*) kon kuhaon an siyahan nga tiringgan nga I ngan U ngan nagparungpóng an mga mangarabay.

Dugang nga masayon ini nga malalaton ha sugad hini nga pamaagi, industriya (in•dus•tri•ya) o impluwensiya (im•plu•wen•si•ya).

5.3. Ikatulo nga eksempsiyón: kon an karuha nga tiringgan nasunod ha H.

Pananglitan:

mahiYa (*magia*)
relihiYON (*religion*)
estrategiYa (*estrategia*)
pribilehiYO (*privilegio*)
kolehiYo (*colegio*)
biyolohiYA (*biologia*)
rehiYON (*region*)

An H komo usá nga **maluya nga mangarabay** sanglit nawawara hiya kon Waráy kaupod nga tiringgan, sugad han nahinanabo han pagkawara hini ha **perwisyo** (*prejuicio*). Imposible, naman, an porma han ‘kolehyo’ o ‘rehyon’ kay magigin ‘koleyo’ o ‘reyon’ an kaurugan ha aktuwal nga pagluwas kon diri tatagan hin duun nga para la ha iya bisan Waráy kasapit nga tiringgan.

5.4. Ikaupat nga eksempsiyón: kon an magkaruha nga tiringgan aadto ha katapusan han pulong ngan may-ada duun an pagluwas ha siyahan nga tiringgan an orihinal.

Pananglitan:

ekonomiYA (*economia*)
potograpiYA (*fotografía*)
pilosopiYA (*filosofía*)
heograpiYA (*geografía*)

Ha mga iginhatag nga pananglitan may-ada nagawas nga mga varyant nga “ekonomya” ngan “pilosopya” (danay, “pilusupya”) pero kaurugan gingagamit ini nga may-ada karuyag sidngon nga iba lábot la han orihinal niya nga kahulugan komo usá nga disiplinla o dibisyon han kinaadman.

Isipin, halimbawa, ang magiging kalituhan ng estudyante kung paano papantigin ang **induSTRYa** (*industria*) o **iMPLuWeNSYa** (*influencia*) kapag inalis ang unang patinig na I at U at nagkumpulan ang mga katinig.

Samantala, higit na magaan itong mapapantig sa anyong industriya (in•dus•tri•ya) o impluwensiya (im•plu•wen•si•ya).

5.3. Ikatlong kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay sumusunod sa tunog na H.

Halimbawa:

mahiYa (*magia*)
relihiYON (*religion*)
estrategiYa (*estrategia*)
pribilehiYO (*privilegio*)
kolehiYo (*colegio*)
biyolohiYA (*biologia*)
rehiYON (*region*)

Ang H ay isang **mahinàng katinig** kayâ naglalahô ito kapag walang kasámang patinig, gaya sa naganap na paglalahô nitô sa **perwisyo** (*prejuicio*). Imposible, sa gayon, ang anyong ‘kolehyo’ o ‘rehyon’ dahil magiging ‘koleyo’ o ‘reyon’ ang karaniwang aktuwal na bigkas kapag hindi binigyan ng tanging diin ang H na walang kasunod na patinig.

5.4. Ikaapat na kataliwasan: kapag ang kambal-patinig ay nása dulo ng salitâ at may diin ang bigkas sa unang patinig ang orihinal.

Halimbawa:

ekonomiYA (*economía*)
potograpiYA (*fotografía*)
pilosopiYA (*filosofía*)
heograpiYA (*geografía*)

Sa mga naturang halimbawa, may lumitaw nang varyant na “ekonomya” at “pilosopya” (kung minsan, “pilusupya”) ngunit malimit na ginagâmit ito nang may pakahulugang ibâ sa orihinal na kahulugan ng mga ito bílang mga disiplina o sangay ng karunungan.

An **ekonomyá** (malaksi an pagluwas) may-ada pagkaharaniay ha pagtitipid; an **pilosopyá**, sugad han “pamimilosopya,” mahitungod na han sobra nga panrason.

Kon pag-adman an mga nahingadayan nga eksempliyón, maiintindihan kon kay-ano Hunyo, Hulyo, Setyembre, Nobyembre, Disyembre an porma han Junio, Julio, Septiembre, Noviembre, Diciembre pero Miyerkoles, Huwebes, Biyernes an porma han Miercoles, Jueves, Viernes.

Magkusog nga Tiringgan. Ha iba nga bahin, diri naghahatag hin sugad hini nga kakurian an mga karuha nga tiringgan nga may-ada makusog nga siyahan nga tiringgan (A, E, O). Puwera la han iba nga varyant, puydi ig-ispel ini hin Waráy suksók nga Y o W.

Pananglitan:

aórta (aorta)
paráon (faraon)
baúl (baul)
haúla (hauila)
ideá (idea)
león (leon)
neón (neon)

Puydi kilal-on nga varyant han idea an ideya.

Sugad pa man, kinahanglan kitaon an nabatasanan nga pagkilala ha diptonggo nga **AU** nga kapareho han **AO**, ngan subay han iğinmuhang nga suhestiyón ni Rizal hadto, an ikaduha nga tiringgan ginpapatunog nga **W**. Amo ini an resulta han pagkabantog han varyant nga haula ha hawla.

Klaro liwat nga amo gihapon an nasusunod ha yana nga panahon nga porma han **máwsoléo** (mausoleo), **áwditoryo** (auditorio), **áwditibo** (auditivo), **báwtismo** (bautismo).

Kitaa liwat an nahinanabo kon an duun aadto ha siyahan nga tiringgan han diptonggo.

Ang **ekonomyá** (mabilis ang bigkas) ay matalik na kaugnay ng pagtitipid; ang **pilospyá**, gaya sa “pamimilosopya,” ay higit na ukol sa mapagmalabis na paggamit ng pangangatwiran.

Kapag pinag-aralan ang mga nabanggit na kataliwasan, maiintindihan kung bakit Hunyo, Hulyo, Setyembre, Nobyembre, Disyembre ang anyo ng Junio, Julio, Septiembre, Noviembre, Diciembre ngunit Miyerkoles, Huwebes, Biyernes ang anyo ng Miercoles, Jueves, Viernes.

Malakas na Patinig. Sa kabilâng dako, hindi nagdudulot ng ganitong sigalot ang mga kambal-patinig na may malakas na unang patinig (A, E, O). Maliban sa ilang varyant, maaaring baybayin ang mga ito nang walang singit na Y o W.

Halimbawa:

aórta (aorta)
paráon (faraon)
baúl (baul)
haúla (hauila)
ideá (idea)
león (leon)
neón (neon)

Maaaring ituring na varyant ng idea ang ideya.

Gayunman, dapat pansinin ang nakagawiang pagturing sa diptonggong **AU** na katulad ng **AO**, at kaugnay ng panukala ni Rizal noon, ang ikalawang patinig ay pinatutunog na **W**. Ito ang sanhi sa popular na varyant ng hauila na hawla.

Malinaw din ito ang nasusunod sa mga kasalukuyang anyo ng **mawsoleo** (mausoleo), **awditoryo** (auditorio), **awditibo** (auditivo), **bawtismo** (bautismo).

Pansinin ding nagaganap ito kapag ang diin ay nása unang patinig ng diptonggo.

6 | KARUHA NGA MANGARABAY NGA SK, ST, SH, NGAN KT

Karuha nga mangarabay o **digrapo** an tawag han duha nga magkadukot nga mangarabay nga ginpapatunog ha sakob han usá nga laton.

SK	SC	ST	KT (CT)
desk	disc	contest	subject

Kitaa: Aada ha urhi nga mga pulong an mga iginpananglitan nga karuha nga mangarabay. Kaurugan danay natutunga-tunga ini ha duha nga laton kon aada ha butnga o katikangan han pulong, sugad han nagin pagluwas ha Waráy han *scholar* (**iskolar**) ngan *schedule* (**iskédyul**).

6.1. Sulod an SK, ST

Hadto, diri ginpapatunog an ikaduha nga mangarabay ha mga nahingadayan nga mga karuha nga mangarabay, sanglit “des” hadto an **desk** ngan “kontes” an **contest**. Yana ginluluwas na an SK ngan ST sanglit an desk ngan disc puydi na ig-ispel nga desk ngan disk. Ginkakarawat na ha Waráy an mga porma nga **test**, **kontest**, **pest**, **post**, **artist**.

6.2. Waráy KT

Sugad man, diri ginkakarawat an KT (CT) kay diri ginpapatunog an T ha tupad han K ha sakob han usá nga laton. Sanglit, **aspek** an *aspect*, **korek** an *correct*, ngan puydi **sabjek** an *subject*. Aadi pa an pira nga pananglitan:

abstrak	(<i>abstract</i>)
adik	(<i>addict</i>)
konek	(<i>connect</i>)
kontrak	(<i>contract</i>)

6 | KAMBAL-KATINIG AT DIGRAPONG

SK, ST, SH, KT

Kambal-katinig o **digrapo** ang tawag sa dalawang magkadikit na katinig na pinatutunog sa loob ng isang pantig.

SK	SC	ST	KT (CT)
desk	disc	contest	subject

Pansinin: Nása dulo ng mga salitâ ang mga inihanay na kambal-katinig. Malimit kasing nahahati ang mga ito sa dalawang pantig kapag nása gitna o umpisa ng salitâ, gaya sa naging bigkas Waráy sa *scholar* (**iskólar**) at *schedule* (**iskédyul**).

6.1 Pasók ang SK, ST.

Noon, hindi pinatutunog ang ikalawang katinig sa mga binanggit na mga kambal-katinig, kayâ “des” noon ang **desk** at “kontes” ang contest. **Ngayon** binibigkas na ang SK at ST kayâ ang desk at disc maaari ng baybayín na desk at disk. Tinatanggap na rin sa Waráy ang anyong **test, kontest, pest, post, artist**.

6.2 Walang KT.

Gayunman, hindi tinanggap ang KT (CT) dahil hindi diumano pinatutunog ang T sa tabi ng K sa loob ng isang pantig. Sa gayon, **aspek** ang *aspect*, **korek** ang *correct*, at maaaring **sabjek** ang *subject*. Narito pa ang ilang halimbawa:

abstrak	(<i>abstract</i>)
adik	(<i>addict</i>)
konek	(<i>connect</i>)
kontrak	(<i>contract</i>)

6.3. Digrapo nga CH ngan SH.

An digrapo amo an karuha nga mangarabay nga ginluluwas nga may-ada usá nga tunog, sugad han CH ha cheese, check, chopstick, ngan han SH ha shooting, shampoo, shop, workshop, ambush, brush.

6.3.1. An CH maiha na nga gintugbangan han TS kon nanhuhuram ha Español. Salit kon igwaWaráy an tulo nga pananglitan han CH tíkang ha Ingles magigin tsis, tsek, tsap-istik an mga sugad hini.

Sugad liwat hini an mahinanabo ha **rich** (rits), **peach** (pits), **pitcher** (pitser). Gintutugbangan na hin TS an sugad hini nga tunog ha mga kadaan nga pinulungan, sugad han **tsidat** (kidlat) han Ivatan ngan **tsanga** (sistema han patubig ha payyo) han Ifugaw.

Mga pananglitan tíkang ha Español ngan Ingles:

chinelas	tsinelas
chocolate	tsokolate
chauffeur	tsuper
chance	tsansa
chart	tsart

Ginpapabilin an orihinal nga porma ha masunod nga pulong dara han mga napahimtang nga paagi ha pagreispel ha 4.4.

chop suey	chattel
chop stick	cheese
champaca	chit
Chinese	chess
Christ	cholesterol
chlorine	choir

6.3.2. Pinapabilin an ispelang han SH sugad han mga pulong nga shampoo, ambush, shorts, shoot nga tíkang ha Ingles nga shampoo, ambush, shorts, shoot.

6.3 Digrapong CH at SH.

Ang digrapo ay kambal-katinig na binibigkas nang may isang tunog, gaya ng CH sa cheese, check, chopstick, at ng SH sa shooting, shampoo, shop, workshop, ambush, brush.

6.3.1. Ang CH ay matagal nang tinapatan ng TS kapag nanghiram sa Español. Kayâ kung isasa-Waráy ang tatlong halimbawa ng CH mulang Ingles ay magiging tsis, tsek, tsap-istik.

Ganito rin ang mangyayari sa **rich** (rits), **peach** (pits), **pitcher** (pitser). Tinatapatan na ng TS ang ganitong tunog sa mga wikang katutubo, gaya sa **tsidat** (kidlat) ng Ivatan at **tsanga** (sistema ng patubig sa payyo) ng Ifugaw.

Narito pa ang mga halimbawa mulang Español at Ingles

chinelas	tsinelas
chocolate	tsokolate
chauffeur	tsuper
chance	tsansa
chart	tsart

Pinananatili naman ang orihinal na anyo sa mga sumusunod na salitâ dahil sa mga nabanggit na tuntunin sa pagreispel sa 4.4.

chop suey	chattel
chop stick	cheese
champaca	chit
Chinese	chess
Christ	cholesterol
chlorine	choir

6.3.2. Pinanatili naman ang ispeling SH gaya ng sa mga salitâng shampoo, ambush, shorts, shoot na mula sa Ingles na shampoo, ambush, shorts, shoot.

7 | BALYUAY HAN E/I, O/U, NGAN E/O

Gingagamit an lima nga tiringgan nga letra a, e, i, o, u ha alpabeto han Waráy. Pero masasabtan ha pagluluwas, tulo la an tunog nga pirmi gingagamit ha pagluwas han mga Waráy. Naturalisa la ha mga Waráy an matig-a nga pagluwas.

Adi an mga paagi han paggamit han mga tiringgan.

7.1 Disiplina ha pagluwas han E/I ngan O/U

Parti han pagdisiplina ha aton dila an mga panurundan para mahilain an E ha I an O ha U.

Pauukuyon an sinisiring nga disiplina han balbal nga pamatasan nga ginhihimo nga I an E ha tinikangan han pulong.

Pananglitan:

iskandalo imbes nga **eskandalo**

Istasyon imbes nga **estasyon**

istilo imbes nga **estilo**

minudo imbes nga **menudo**

An tiringgan nga e ngan o ha mga haram nga pulong nga nahimo nga kaparti na han Waráy mapabilin an gamit labi na kon ini ada ha printe han pulong.

engkuwentro

encuentro

edukasyon

educación

okasyon

ocación

7.2. Senyales kon Español o Ingles.

Ha kaso han E/I, ini an senyales nga magtitikáng hin E ha mga pulong nga tíkang ha Español nga an mga katikangan amo an ES para iglain an mga pulong ha Ingles nga haros katunog pero nagtitikáng ha S sugad han masunod:

Español

eskandaló (escandalo)

estasyón (estacion)

espesyál (especial)

esmárte (esmarto)

Ingles

iskándal (scandal)

istéysiyón (station)

ispésyal (special)

ismárt (smart)

7 | PALITANG E/I , O/U AT E/O

Ginagámit ang limang patinig na letrang A, E, I, O, U sa alpabetong Waráy. Ngunit, mapapansin na sa pagsasalitâ, tatlo lámang ang tunog na madalas ginagámit sa pagbigkas ng mga Waráy. Likás umano kasing matigas magsalitâ ang mga Waráy.

Narito ang mga tuntunin sa paggámit ng mga patinig.

7.1 Disiplina sa Pagbigkas ng E/I at O/U

Bahagi sa pagdisiplina sa ating dila ang tuntunin upang maibukod ang E sa I at ang O sa U.

Pahihintuin ng naturang disiplina ang balbal na ugaling gawing I ang E sa umpisa ng mga salitâ.

Halimbawa:

iskandalo sa halip na **eskandalo**
istasyon sa halip na **estasyon**
istilo sa halip na **estilo**
minudo sa halip na **menudo**

Ang patinig na e at o sa mga salitâng hiram na naging bahagi na ng Waráy ay papanatilihin ang gámit lalo na kung ito ay nása unahán ng salitâ.

engkuwentro	encuentro
edukasyon	educación
okasyon	ocación

7.2 Senyas sa Español o sa Ingles.

Sa kaso ng E/I, magiging senyas ang E sa mga salitâng Español na nagsisimula sa ES upang ibukod sa mga salitâng Ingles na halos katunog ngunit nagsisimula sa S, gaya sa sumusunod:

Español
eskandaló (escandalo)
estasyón (estación)
espesyâl (especial)
esmárte (esmart)

Ingles
iskándal (scandal)
istéysiyón (station)
ispésyal (special)
ismárt (smart)

7.3 Kon Nagbag-o an Mangarabay.

Ha kaso han O/U, tinutugutan an pagbalyuay han O ngada ha U kon nagbag-o an nasunod nga mangarabay ha sulod han laton.

Nahitatabo ito ha pagbabalyuay han N ha M kon nagtitikang an nasunod nga laton ha B/V ngan P/F.

Pananglitan:

kumperénsiya han conferencia

Nabalyuan hin U an O sugad han nahitatabo han pagbalyuay han nasunod nga N ha M kay nasunod man ha P/F. Amo liwat ini an karuyag sidngon han pagbalyuay han U ha O ha orihinal nga pulong ha Español han mga nasunod nga pananglitan:

kumbensiyón (convencion)

kumpisál (confesar)

kumbénto (convento)

kumpórme (conforme)

kumportáble (comfortable)

kumpiská (confisca), kumpiskasyón (confiscacion)

kumpéti (confeti)

Diri sakob han pamaagi:

“Kumpanya” ngan “kumpleto” nga kinahanglan iispelon nga **kompanyá** ngan **kompléto** kay compañía ngan completo an orihinal ha Español.

Español

kompanyá compañía

kompléto completo

Letra nga M na gudman an nasunod han O ha orihinal. Mahitungod han pamaagi.

7.3 Kapag Nagbago ang Katinig.

Sa kaso ng O/U, ipinahihintulot ang pagpapalit ng O sa U kapag nagbago ang kasunod na katinig sa loob ng pantig.

Nagaganap ito sa pagpapalit ng N sa M kapag nag-uumpisa ang kasunod na pantig sa B/V at P/F.

Halimbawa:

kumperénsiya ng conferencia

Napalitan ng U ang O kaugnay ng naganap ng pagpapalit ng kasunod na N sa M dahil sumusunod sa P/F. Ito rin ang katwiran sa pagpalit ng U sa O orihinal ng salitang Español sa sumusunod:

kumbensiyón (convención)

kumpisál (confesar)

kumbénto (convento)

kumpórme (conforme)

kumportáble (confortable)

kumpiská (confisca), kumpiskasyón (confiscación)

kumpéti (confeti)

Hindi sakop ng tuntunin:

“Kumpanya” at “kumpleto” na dapat baybayíng **kompanya** at **kompleto** dahil compañía at completo ang orihinal sa Español.

Español

kompanyá compañía

kompléto completo

Letrang M na talaga ang kasunod ng O sa orihinal. Kaugnay ng tuntunin.

7.4 Epekto han Panumpay ha Urhi/Hulapi.

Nagigin I an E ngan nagigin U an O kon ada ha urhi han pulong ngan may-ada nasunod nga panumpay ha uri/ hulapi.

Pananglitan:

karne → **karnihan**
bayo → **bayuhon**
laso → **lasuon**
kape → **kapihan**
hiló → **hiluan**
halò → **haluon**
tigo → **tiguha**
kamote → **kamutihan**

7.5 San-o diri nababalyuan.

Gawas han mga kahuna, diri madali an pagbabalyo salit diri nahitatabo ha iba nga kahimtang, sugad han masunod:

1. Diri kinahanglan bag-uhon an E ngan O kon sinundan hin panumpay ha urhi/hulapi nga -i ngan -a
2. Diri kinahanglan bag-uhon an E ngan O kon gin-utro an sinarigan nga pulong/salitâng-ugat. Puydi mahitabo an pagbalyuay han I ha E ngan han U ha O ha ordinaryo nga pagluwas han mga Waráy pero diri kinahanglan igsurat, puwera kon kaparti han realismo han pulong hin usá nga akdang pampanitikan. Karuyag sidngon pa, diri kinahanglan an pamaagi/patakan hiunong han pagbabalyuay kay may-ada mga Waráy nga diri hinihimo an sugad nga pagbabalyuay ha ira pagyayakan.

Pananglitan:

anó-anó diri anu-ano
píso-píso diri pisu-piso
pitó-pitó diri pitu-pito
pátong-pátong diri patung-patong

7.4 Epekto ng Hulapi.

Nagiging I ang E at nagiging U ang O kapag nása dulo ng salitâ at sinusundan ng hulapi.

Halimbawa:

- karne** (karne) → **karnihan** (bilihan ng karne)
- bayo** (bayo) → **bayuhon** (magbagyo)
- laso** (pinakulong **tubig**) → lasuon (mag-init ng tubig)
- hilo** (lason) → **hiluan** (lasunin)
- kape** (kape) → **kapihan** (lugar na iniinuman ng kape)
- halo** (halo) → **haluon** (haluin)
- tigo** (hula) → **tiguha** (hulaan)
- kamote** (kamote) → **kamutihan** (taniman ng kamote)

7.5 Kailan Hindi Nagpapalit.

Taliwas sa lumaganap na akala, hindi awtomatiko ang pagpapalit kayâ hindi nagaganap sa ibáng pagkakataón, gaya sa sumusunod:

1. Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag sinundan ng hulaping -i at -a
2. Hindi kailangang baguhin ang E at O kapag inuulit ang salitâng-ugat. Maaaring nagaganap ang pagpapalit ng I sa E o ng U sa O sa karaniwang pagbigkas ng mga Waráy ngunit hindi kailangan isulat, maliban kung bahagi ng realismo sa wika ng isang akdang pampanitikan. Ang ibig sabihin pa, hindi kailangan ang tuntunin hinggil sa pagpapalit dahil may mga Waráy na hindi isinasagawa ang gayong pagpapalit sa kaniláng pagsasalitâ.

Halimbawa:

- anó-anó** hindi anu-ano
- píso-píso** hindi pisu-spiso
- pitó-pitó** hindi pitu-pito
- pátong-pátong** hindi patung-patong

3. Ha mga hinuram nga pulong nga may-ada tiringgan nga **e** ngan **o** ha siyahan nga laton han pulong, kinahanglan ipabilin ngan diri babalyuan an tiringgan nga **i** ngan **u**.

Pananglitan:

rEbelde, **rE**galo, **rE**histro, **rO**lyo, **rO**sa

7.6 Ayaw bag-uha an doble nga O

Iginmumuhang an pagtahod han iba nga mga pulong nga may-ada doble nga O (oo) bisan may kasunod ha urhi, hulapi, sugad han too nga butangan/kab-itan man hin hulapi, mapabilin la ngahaw an pulong nga toohan. Iginmumuhang liwat nga ipadayon ini ha mga pira nga pulong nga may UO sugad han buot, ngan suot nga kinahanglan babaybayon nga kabuotan, ngan suotan.

7.7 An Pagamit han I ngan E

Gagamiton an letra nga I ha mga unob nga pulong ha Waráy nga nagamit hin tunog nga /i/. Pananglitan: diri (hindi), tigo (hula), dila (dila), dinhi (dito)

Gagamiton naman an letra nga e ha mga pulong nga hinuram ha Ingles ngan Español nga nagamit hito, sugad han masunod nga pananglitan: sine, klase, arte.

Diri liwat nagbabag-o an E tipakadto ha I ha iba nga huram nga pulong kon ginlalakipan ini, sugad han masunod nga pananglitan:

Pananglitan:

sine → **sinehan**

klase → **pagklasehan** (magsagawa ng klase)

arte (sining) → **artehan** (gumawa ng disenyo)

3. Sa mga salitâng hiram na may patinig na **e** at **o** sa unang pantig ng salitâ, ito ay kailangan papanatilihin at hindi na palitán ng patinig na **i** at **u**.

Halimbawa:

rEbelde, **rE**galo, **rE**histro, **rO**lyo, **rO**sa

7.6 Huwag Baguhin ang Dobleng O.

Iminumungkahi rin ang paggalang sa ilang salitâ na may dobleng O (oo) kahit sinusundan ng hulapi, gaya sa too (paniniwala) na lagyan man ng hulapi ay nananatiling toohan (pagtiwalaan). Iminumungkahi ring pairalin ito sa ilang salitâ na may UO gaya sa buot (bait), at suot (sikip), dapat baybayíng kabuotan (kabaitan), at suotán (sikipan).

7.7 Ang paggamit ng I at E

Gagamítin ang titik na I sa mga katutubong salitâng Waráy na gumagámit ng tunog na /i/. Halimbawa: diri (hindi), tigo (hula), dila (dila), dinhi (dito)

Gagamítin naman ang titik **E** sa mga salitâng hiniram sa Ingles at Español na gumagamit nitó. Halimbawa: sine (sine), klase (klase), arte (sining)

Hindi rin nagbabago ang E tungong I sa ilang salitâng hiram kapag nilalapian ito, gaya ng sumsunod na halimbawa:

Halimbawa:

sine → **sinehan**

klase → **pagklasehan** (magsagawa ng klase)

arte (sining) → **artehan** (gumawa ng disenyo)

8 | AN PAGBABALYO HAN “D” PAKADTO HA “R”

An mangarabay nga **D** ngan **R** puydi magbalyuay kon an pulong inuupdan han mangarabay nga **D** amo inuutro o sinusumpayan/ linalakipan.

bukad → bukaron
duha → ruha-duha
puro → kapuru-pud-an
dadad-on → darad-on
dadakpon → darakpon
tukad → tukaron
tikod → tikuron

8 | PAGPAPALIT NG “D” TUNGO SA “R”

Ang mga katinig na **D** at **R** ay maaaring magpalit kapag ang salitang sinasamahan ng katinig na D ay inuulit o nilalapian.

bukad (bulaklak) → **bukaron** (bulaklakin)
duha (dalawa) → **ruha-duha** (nagdadalawang-isip)
puro (pulo) → **kapuru-pud-an** (kapuluan)
dadad-on (dalá) → **darad-on** (dadalhin/dalahin)
dakpon (húli) → **darakpon** (huhulihin)
tukad (akyat) → **tukaron** (akyatin)
tikod (sakong) → **tikuron** (mabakas ng sakong)

9 | PAGBALIK HAN MGA DUUN

An duún usá nga tigaman ha pagluwas han mga pulong. Ha lingguwistika, narepresentar an duún tigaman para ha glottal stop (impit nga tunog) o diri ngani ha duún o kahalaba han pagluwas.

An duún ha pag-ispel importante ha pulong han mga Waráy para maluwas hin matadong an mga pulong ngan maihatag an tul-id nga karuyag sidngon.

Importante an duún ha pagkuha han eksakto nga kaluwas para makuha an eksakto nga karuyag sidngon han usá nga pulong.

May-ada usá nga pulong nga pareho an ispelang pero may-ada iba nga karuyag sidngon.

Pananglitan:

susô
sësë
susò
susó

tubô
túbo
tubó

pasô
pasó
pasò

May-ada upat nga magkalain-lain nga duún an pinulongan nga Waráy.

9 | PAGBABALIK SA MGA TULDIK

Ang tuldik ay gabay sa paraan ng pagbigkas ng mga salitâ. Sa lingguwistika, kumakatawan ang tuldik na simbolo para sa glotal stop (impit na tunog) o kayâ sa diin o habà ng pagbigkas.

Ang tuldik ay makabuluhan sa pagbaybay sa Waráy, upang mabigkas nang wasto ang mga salitâ at maibigay ang tamang kahulugan ng mga ito.

Mahalaga ang diin sa pagkuha ng tamang bigkas para makuha ang tamang kahulugan ng isang salitâ.

Mayroong salitâ na magkapareho ang ispeling pero mayroong ibâng kahulugan.

Halimbawa:

susô (kuhol)
sësë (siksik)
susò (mahigpit na paggantsilyo)
susó (dibdib)

tubô (paglaki)
túbo (bakal)
tubó (tubó)

pasô (mapasò)
pasó (expire)
pasò (madikitan ng init)

Mayroong apat na uri ng diin ang wikang Waráy.

1. An **Kugit nga matarom** (´)

Kon an usá nga tiringgan ginluluwas nga may-ada duún, ginbubutangan hin kugit nga matarom.

Pananglitan:

susó

upá

lus-ayá

2. An **Kugit nga pasangko** (`)

Kon an usa nga tiringgan ha urhi han laton han usá nga pulong, ginluluwas nga may-ada impit nga tunog, pero Waráy duun, iginbubutang dinhi an kugit nga pasangko.

Pananglitan:

diri

pawà

minayuyò

panuyò

maghimayà

malurà

damò

3. An **Kugit nga barî** (^)

Kon an tiringgan ginluluwas nga may impit nga tunog ngan duun, ginbubutang dinhi an kugit nga barî.

Pananglitan:

susô (kuhol)

sukô

dakô

rubâ

warâ

1.) Ang tuldik na **pahilís** (´)

Kapag ang isang patínig ay binibigkas nang may diin, inilalagay dito ang tuldik pahilís.

Pananglitan:

susó (dibdib)

upá (ipá)

lus-ayá (dalisayin)

2.) Ang tuldik na **paiwà** (`)

Kapag ang patínig sa hulíng pantig ng isang salitâ ay binibigkas na may impit na tunog, ngunit walang diin, inilalagay dito ang tuldik paiwà.

Pananglitan:

diri (pagtangi)

pawà (liwanag)

minayuyò (minamahal)

panuyò (hangarin)

maghimayà (maluwalhati)

malurà (malula)

damò (sagana/marami)

3. Ang tuldik na **pakupyâ** (^)

Kapag ang patínig ay binibigkas na may impit na tunog at diin, inilalagay dito ang tuldik na pakupyâ.

Pananglitan:

susô (kuhol)

sukô (salát)

dakô (laki)

rubâ (sirâ)

warâ (wala)

4. An **Kugit nga patulbok** ()

Yana, igindugang an ikaupat nga duún nga patulbok, kapareho han umlaut ngan dieresis () para magrepresentar han tunog nga gintatawag nga schwa ha lingguwistika.

Gingagamit an tunog nga schwa ha probinsiya han Sinirangan Samar.

Panangitan:

sērâ (sura/sud-an) ngan **surâ** (patibong)

básël (higad) ngan **básol** (basol-sisi)

sëká (pagkuha han usâ nga klase hin duma) ngan **sukâ** (sukâ-vomit) ngan **súka** (súka-vinegar)

tëkál (tukal-angat) ngan **tukál** (pag-abri han takop)

pakë (pakô-wings) ngan **pakó** (utanon)

salëg (salog-floor) ngan **sálog** (salog-river)

An pira nga pananglitan han mga pulong nga may-ada sobra usâ nga gamit han schwa:

kërekëd (korokod)

tëkëbën (makagat hin ayam)

ërëpëd (kauropdan)

nagbëbëbënek (makusog nga uran)

tëëd (kakaunon han misay)

bërëd (burod-buntis)

gërët (gurot-hiwa)

sëlëg (kusog an awas)

4. Ang tuldik na **patuldók** (ˈ)

Ngayon, idinagdag ang ikaapat, ang tuldik na patuldók, kahawig ng umlaut at dieresis (ː) upang kumatawan sa tunog na tina-tawag na schwa sa lingguwistika.

Ginagámit ang tunog na schwa sa lalawigan ng Silangang Samar.

Halimbawa:

sĕrâ (ulam) ngan **surá** (patibong)

básĕl (higad) ngan **básol** (sisi)

sĕká (pagkuha ng isang klase ng halamang-gamot) ngan

sukà (sukà) ngan **súka** (súka)

tĕkál (angat/maglaan ng espasyo) ngan **tukál** (buksan ang takip)

pakĕ (pakpak/manggas) ngan **pakó** (fern/gulay)

salĕg (sahig) ngan **sálog** (ilog)

Narito rin ang ilang halimbawa ng mga salitâng may higit sa isang paggamit ng schwa:

kĕrĕkĕd (isang uri ng kakanin)

tĕkĕbĕn (makagat ng aso)

ĕrĕpĕd (kamag-anak; magkakasama)

nagbĕbĕbĕnĕk (malakas na ulan)

tĕĕd (nakawin/kainin ng pusa)

bĕrĕd (buntis)

gĕrĕt (hiwa)

sĕlĕg (lakas ng buhos ng ulan o agos ng ilog)

10 | AN TAMA NGA PAGGAMIT HAN BATLANG

Usá nga tigaman ha panurat an batlang (-) nga may-ada damo nga gamit. Dara hini, damo liwat an nalipong ngan nagagamit an batlang ha higayon nga diri kaangayan. Aadi an mga tama nga gamit han natura nga batlang:

10.1 Ha inuutro nga pulong. Gingagamit an batlang ha mga pulong nga gin-uutro:

adlâw-adlâw
óras-óras
gâb-i-gâb-i
rubâ-rubâ
niyân-niyân

Kon sobra hin duha nga laton an pulong, an una nga duha nga laton la an gin-uutro.

Pananglitan:

pali-palito
ata-atabay
pahu-pahuway
turi-turiyan
bala-balagon-on

Panginano: Gin-uutro an bug-os nga una nga duha nga laton kon may-ada duha nga laton la an pulong. Pero diri gin-uutro an urhi nga mangarabay han ikaduha nga laton kon sobra duha nga laton an pulong.

pana-pananglitan
hira-hiram-os
abu-abughó
agu-agurok
ali-alimyon

10 | MGA WASTONG GÁMIT NG GITLING

Isang bantas na maraming gámit ang gitling (-). Dahil dito, marami din ang nalilito at nagagamit ang gitling sa mga pagkakataóng hindi ito kailangan. Naririto ang mga wastong gamit ng naturang bantas:

10.1 Sa Inuulit na Salitâ. Ginagámit ang gitling sa mga salitâng inuulit:

adlâw-adlâw (arâw-âraw)
óras-óras (oras-oras)
gâb-i-gâb-i (gabí-gabí)
rubâ-rubâ (sirâ-sirâ)
niyân-niyân (mayâ-mayâ)

Kung mahigit dalawang pantig ang salitâ, ang unang dalawang pantig lámang ang inuulit.

Halimbawa:

pali-palíto (munting palíto)
ata-atabay (maliit na balón)
pahu-pahuway (maglaan ng konting oras na magpahinga)
turi-turiyan (magturuan)
bala-balagon-on (kulot na buhok)

Pansinin: Inuulit ang buong unang dalawang pantig kung may dalawang pantig lámang ang salitâ. Ngunit hindi inuulit ang panghulíng katinig ng ikalawang pantig kapag mahigit dalawang pantig ang salitâ.

pana-pananglitan (kung halimbawa)
hira-hiram-os (maghilamos)
abu-abughó (nagseselos)
agu-agurok (humihilab)
ali-alimyon (humahalimuyak)

Pero kon may-ada panlakip ha printe, igin-uupod ini ha siyahan nga parti nga gin-uutro.

Pananglitan:

palaktaw-laktaw
pasayaw-sayaw
nagpasangil-sangil
naglakat-lakat
matuyaw-tuyaw

Panginano liwat: Gingagamit an batlang ha pulong nga gin-uutro. Diri ini gingagamit ha pulong nga may-ada mga laton nga gin-uutro pero Waráy hiya kahulugan kon diri inuutro. Sugad hini: **pílingpíling, wákwák, yáwyáw, kápkáp, páypáy, báwbáw, kíngkíng** kay Waráy “**píling,**” “**wak,**” “**yaw,**” “**kap,**” “**pay,**” “**baw,**” “**king.**” Pero may batlang an **paúg-paóg, tabók-tabók,** dara nga may-ada pulong nga **paóg, tabók.**

10.2. Nag-uusáhan nga tunog ha laton.

Gingagamit an batlang ha onomatopeiko nga pagsurat ha mga nag-uusáhan nga laton nga tunog, sugad han masunod:

tik-tak
ding-dong
plip-plap
tsk-tsk
rat-ta-tat

10.3. Pagbubulag han Mangarabay ngan Tiringgan.

Gingagamit an batlang para pagbulagon an laton nga nagtatapos ha mangarabay ngan an nasunod nga laton nga nagtitikáng ha tiringgan.

Pananglitan:

igin-ampo
gin-ilob
mag-amay
pag-urusá
mag-iroy

Ngunit kung may unlapi, isinasáma ito sa unang bahaging inuulit.

Halimbawa:

palaktaw-laktaw (pahakbang-hakbang)
pasayaw-sayaw (sasayaw-sayaw)
nagpasangil-sangil (nagkukunwarian)
naglakat-lakat (naglakad-lakad)
matuyaw-tuyaw (maloko)

Tandaan din: Ginagámit ang gitling sa salitâng inuulit. Hindi ito ginagámit sa salitâ na may mga pantig na inuulit ngunit walang kahulugan kapag hindi inulit. Halimbawa: **pílingpíling ‘umiiling-iling’**, dahil walang “píling,” **wákwák ‘aswang’** dahil walang “wák,” **kápkáp ‘kapa’**, dahil walang “káp,” **páypáy ‘pamaypay’** dahil walang “páy,” **báwbáw ‘surface’** dahil walang “báw,” **kíngkíng ‘paggalaw gámit ang isang paa’** dahil walang “king.” Ngunit may gitling ang **paóg-paóg ‘loko-loko’** dahil may salitâng paóg ‘sirâ,’ at **tabók-tabók ‘harap ng bahay’** dahil may salitâng **tabók ‘tawid’**.

10.2. Sa Isahang Pantig na Tunog.

Ginagámit ang gitling sa onomatopeikong pagsulat sa mga iisah-ing pantig na tunog, gaya sa sumusunod:

tik-tak
ding-dong
plip-plap
tsk-tsk
rat-ta-tat

10.3. Paghihiwalay ng Katinig at Patinig.

Ginagámit ang gitling upang paghiwalayin ang pantig na nagtata-pós sa katinig at ang sumusunod na pantig na nagsisimula sa patinig.

Halimbawa:

igin-ampo (ipinagdasal)
gin-ilob (tiniis)
mag-amay (mag-ama)
pag-urusá (pagkaisa)
mag-iroy (mag-ina)

kag-anak
gin-utro
pag-uswag

Pero gingagamitan hin batlang an pulong bisan nagtatapos ha tiringgan an una nga laton kon an panngaran nga piho an nasunod:

pa-Borongan, pero **paeste**
taga-Calbiga, pero **tagabungto**
maki-Diyos, pero **makitawo**

ngan kon an pulong tíkang ha langyaw ngan aada ha orihinal nga ispeling an nasunod:

ipa-cremate, pero **ipakrimeyt**
maki-computer, pero **makikompiyuter**

10.4. Pinabug-at nga Laton.

Gingagamit liwat an batlang para tagan hin bug-at o duun an pagluwas han una nga laton, sugad han “gab-i.”

Aadi pa an iba nga pananglitan:

bág-o nga tuig
súd-an
bág-ang
lúy-a
kán-on

10.5 Bag-o nga Tambalan nga Pulong.

Gingagamit an batlang ha mga bag-o nga karuha nga pulong sugad han masunod:

gawás-sulód
sárit-sáyud
timô-tulón

ngádto-ngánhi
saká-lúsad

kag-anak (magulang)
gin-uutro (inuulit)
pag-uswag (pagsulong)

Ngunit ginagamitan ng gitling ang salitâ kahit nagtatapós sa patinig ang unang pantig kapag pangngalang pantangi ang kasu-
nod:

pa-Borongan, ngunit **paeste** (pasilangan)
taga-Calbiga, ngunit **tagabungto** (pabayan)
maka-Diyos, ngunit **makitawo** (makatao)

at kapag salitâng banyaga at nása orihinal na baybay ang kasu-
nod:

ipa-cremate, ngunit **ipakrimeyt** (ipa-cremate)
maki-computer, ngunit **makikompiyuter** (maki-
computer)

10.4. Pinabigat na Pantig.

Ginagamit din ang gitling upang bigyan ng bigat o diin ng bigkas sa naunang pantig, sa mga salitâ gaya ng gáb-i (gabí).

Narito pa ang ilang halimbawa:

bag-o nga tuig (Bagong Taon)
sud-an (ulam)
bág-ang (bagáng)
lúy-a (lúya)
kán-on (kánin)

10.5 Bagong Tambalang Salitâ.

Ginagamit ang gitling sa mga bagong tambalang salitâ, gaya sa sumusunod:

gawás-sulód (labas-masok) **ngádto-ngánhi** (paroo't parito)
sarit-sayud (pagpapaalám) **saká-lúsad** (akyat-baba)
timô-tulón (subò-lunók)

10.6. Pasurat nga Oras.

Gingagamit an batlang para ibulag an numero ha oras ngan pet-sa nga may ika- sugad man han pag-ihap han oras, numero man o gin-iispel, nga igindudugtong ha alas- sugad han masunod:

ika-7 han aga, pero ikapito han aga
ika-3 han Mayo, pero ikatulo han Mayo
ika-80 nga kaadlawan, pero ikaotsenta nga kaadlawan
alas-12 han udto, alas-dose han udto
alas-3 han kulop, alas-tres han kulop

Tigamni: Pirmi gin-iispel an oras nga ala-una.

10.7. Kasunod han “De”.

Gingagamitan hin batlang an pulong nga may-ada panlakip ha printe nga de- nga títang ha Español nga an kahulugan nga “pinaagi han” o “ginbuhat o gingagamit ha paagi.”

Pananglitan:

de-kolór
de-abrisiyete
de-bola
de-lata
de-kariton
de-goma

10.8. Kasunod han “Di”.

Gingagamitan hin batlang an pulong nga gintitikangán hin dí (pinahalipot han diri) ngan nagkamay-ada hin karuyag sidngon idyomatiko, baga hin puplunganon, kaurugan nga kabaliktaran han kamatuoran, ngan kaurugan nga paintrimis o pandunggot an tono.

Pananglitan:

di-maintrimis
di-masabod
di-makatatawa
di-makaruruyag
di-marasa
di-hingalimtan

10.6. Pasulát na Oras.

Ginagamít ang gitling upang ihiwalay ang numero sa oras at petsang may ika- gayundin sa pagbítang ng oras, numero man o binabaybay, na ikinakabit sa alas- gaya sa sumusunod:

ika-7 han aga, pero ikapito han aga (7:00nu)
ika-3 han Mayo, pero ikatulo han Mayo (3 Mayo)
ika-80 nga kaadlawan, pero ikaotsenta nga kaadlawan
alas-12 han udto, alas-dose han udto (12:00nt)
alas-3 han kulop, alas-tres han kulop (3:00nh)

Tandaan: Laging binabaybay ang oras na ala-una.

10.7. Kasunod ng “De”.

Ginagamítan ng gitling ang salitâng may unlaping de- mula sa Español na nangangahulugang “sa pamamagitan ng” o “ginawa o ginagamít sa paraang.”

Halimbawa:

de-kolór (de-kolor)
de-abrisiyete (magkakapit ang braso, ginagawa ng magkarelasyon o magkasintahan)
de-bola (keso de bola)
de-lata (de-lata)
de-karítón (gumagamít ng kariton)
de-góma (gawa sa goma)

10.8. Kasunod ng “Di”.

Ginagamítan ng gitling ang salitâng pinangunguhan ng dî (pinaikling hindi) at nagkakaroon ng kahulugang idyomatiko, tíla kasabihan, malimit na kasalungat ng orihinal nitó, at malimit na may mapagbiro o mapang-uyam na himig.

Halimbawa:

di-maintrimis (di-mabiro)
di-masabod (di-masaling)
di-makatatawa (di-nakatatawa)
di-makaruruyag (di-nakaaakit)
di-marasa (di-masarap)
di-hingalimtan (di-makalimutan)

10.9. Apelyido.

Gingagamit an batlang ha mga apelyido han babaye nga nag-asawa para maipakita an unob nga apelyido hadton daraga pa.

Pananglitan:

Clotilde Japzon-Salazar
Rosario Nabong-Cabardo

Kon gingagamit an porma nga sugad hini ha lalaki, sugad han kaso ni Graciano Lopez-Jaena, an apelyido katima han batlang an apelyido han iroy.

10.10. En Dash.

May-ada duha nga klase hin **gatlang** (dash): an gatlang en ngan gatlang em. Hadton Waráy pa kompiyuter, kaurugan gingagamit an batlang nga gamit para han gatlang en. Pero an **gatlang en** iba han batlang ngan may-ada piho nga gamit. Gingagamit an gatlang en para magrepresentár tigaman han an pulong nga “tubtob.” Kaurugan gingagamit ini para ipakita an nasasakupan nga oras, petsa, o datos nga reperensiya.

Pananglitan:

1971–2018 (petsa)

8:00–12:00 (oras)

Taón I–IV (mga tomo han jornal)

75–100 (mga paypay hin libro)

1882–1903 (Tiyempo nga Naticakusog an Nasyonalismo)

23 Hulyo 1864–13 Mayo 1903 (Apolinario Mabini)

Gingagamit liwat an gatlang en ha mga panahon nga nagpapasige o diri nahibabaruan an kadugtong sugad han petsa han kaadlawan ngan kinamatyan (ngan Waráy impormasyon hiunong han kinamatyan).

20 Mayo 1890–(diri sigurado an petsa han kamatay)

Abril 1972–(ngada yana)

6 Marso 1945–(ngada yana)

14 Pebrero 1991–(ngada yana)

10.9. Apelyido.

Ginagamítan ng gitling ang mga apelyido ng babaeng nag-asawa upang ipakita ang orihinal na apelyido noong dalaga pa.

Halimbawa:

Clotilde Japzon-Salazar
Rosario Nabong-Cabardo

Kapag ginámit ang anyong ito sa laláki, gaya sa kaso ni Gaciano Lopez-Jaena, ang apelyido pagkatapos ng gitling ang apelyido sa ina.

10.10. En Dash.

May dalawang uri ng **gatláng** (dash): Ang gatlang en at gatlang em. Noong walang kompiyuter, karaniwang ginagámit ang gitling sa gámit na para sa gatlang en. Ngunit ang **gatlang en** ay ibá sa gitling at may mga tiyak na gámit. Ginagámit ang gatlang en upang katawanin sa simbolo ang salitâng “hanggang.” Madalas itong ginagámit upang ipakita ang sinaklaw ng oras, petsa, o datos pansanggunian.

Halimbawa.

1971–2018 (petsa)
8:00–12:00 (oras)
Taón I–IV (mga tomo ng jornal)
75–100 (mga pahina ng aklat)
1882–1903 (Panahon ng Patinding Nasyonalismo)
23 Hulyo 1864–13 Mayo 1903 (Apolinario Mabini)

Ginagámit din ang gatlang en sa panahong nagpapatúloy o hindi alam ang karugtong, gaya sa mga petsa ng kapanganakan at kamatayan (at walang impormasyon hinggil sa kamatayan).

20 Mayo 1890–(hindi tiyak ang kamatayan)
Abril 1972–(hanggang ngayon)
6 Marso 1945–(hanggang ngayon)
14 Pebrero 1991–(hanggang ngayon)

10.11.1 Em Dash.

An siyahan nga gamit han **gatlang en** para magrepresentar han simbolo nga “tubtob,” an **gatlang em** naman gingagamit para magpahamtang hin kadali nga pag-undang—ha pagbasa han idea—ngan han paghatag hin bug-at han saysay.

Pananglitan:

Nakalingi ako—ngan nanagko an mata—han makit-an ko hiya.

Diri ako maaram kon mahihimo—pero naglalaom ako— nga maihatag an akon ginhahangyo.

10.11.2 Pagsurat han Diyalogo.

May-ada mga publikasyon liwat nga gingagamit an **gatlang em** ha pagsurat han mga kinopya nga teksto (kaurugan ha diyalogo).

—Sigurado ba hiya nga diri na hiya mapahuway?

—Oo. Nasiring hiya nga damo pa an iya tarapuson ha opisina.

10.11.3 Gatlang 3 em ha Reperensiya.

Labot la han **gatlang em**, may-ada pa **gatlang 3 em** o **tulo nga gatlang em** nga magkasunod. Gingagamit an gatlang em ha listahan han mga reperensiya o talasanggunian/listahan ngan may-ada entri nga kasunod han reperensiya nga tìkang hin uusá la nga magsurat.

Alunan, Merlie M. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2015.

———. *Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City: University of the the Philippines Press, 2017.

10.11.1 Em Dash.

An primaryang gâmit ng **gatlang en** ay upang kumatawan sa sagisag na “hanggang,” ang **gatlang em** naman ay ginagâmit upang magsaad ng pansamantalang pagtigil—sa pagbâsa o sa daloy ng idea—at sa pagdidiin sa paliwanag.

Halimbawa:

Nakalingi ako—ngan nanagko an mata—han makit-an ko hiya. (Napalingon ako—at nanlaki ang matá—nang makita siyá.)

Diri ako maaram kon mahihimo—pero naglalaom ako—nga maihahatag an akon ginhangyo. (Hindi ko alam kung magagawa—ngunit ako’y umaasa—na mapagbigyan ang aking hinihiling.)

10.11.2 Pagsulat ng Diyalogo.

May mga publikasyon ding ginagâmit ang **gatlang em** sa pagsulat ng mga siniping teksto (kadalasan ay diyalogo).

—Sigurado ba hiya nga diri na hiya mapahuway? (—Sigurado ba siyâng hindi na siyâ magpapahinga?)

—Oo. Nasiring hiya nga damo pa an iya tarapuson ha opisina. (—Opo. Nabanggit niyang marami pa siyâng tatapusin sa opisina.)

10.11.3 Gatlang 3 em sa Sanggunian.

Bukod sa **gatlang em**, mayroon pang **gatlang 3 em** o **tatlong gatlang em** na sunod-sunod. Ginagâmit ang gatlang 3 em sa listahan ng mga sanggunian o talasanggunian at may lahok na kasunod ng sangguniang mula sa iisang awtor.

Alunan, Merlie M. *Sa Atong Dila: Introduction to Visayan Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2015.

———. *Tinalunay: Hinugpong nga Panurat nga Winaray*. Quezon City: University of the the Philippines Press, 2017.

APENDIKS

Komo dugang nga bulig ha mga nagamit hin kompiyuter, adi an listahan han mga kinahanglan tulpokon para makahimo han mga letra nga may-ada duun ngan han iba pa nga espesyal nga karakter:

a	e	i	o	u
á – Alt 160	é – Alt 130	í – Alt 161	ó – Alt 162	ú – Alt 163
à – Alt 133	è – Alt 138	ì – Alt 141	ò – Alt 149	ù – Alt 151
â – Alt 131	ê – Alt 136	î – Alt 140	ô – Alt 147	û – Alt 150
ã – Alt 132	ë – Alt 137			

Ñ	Alt 165
ñ	Alt 164
·	Alt 0183 (tulbok ha paglalaton)
^	Alt 0136
'	Alt 0180
˘	Alt 096
“	Alt 0168
˘	Alt 0146 (para maiwasan an baligtad ['])
-	Alt 0150 (en dash)
—	Alt 0151 (em dash)

APENDIKS

Bílang dagdag na túlong sa mga gumagamit ng kompiyuter, narito ang talahanayan ng mga dapat tipahin para makabuo ng mga titik na may tudlik at ng ibá pang espesyal na karakter:

a	e	i	o	u
á – Alt 160	é – Alt 130	í – Alt 161	ó – Alt 162	ú – Alt 163
à – Alt 133	è – Alt 138	ì – Alt 141	ò – Alt 149	ù – Alt 151
â – Alt 131	ê – Alt 136	î – Alt 140	ô – Alt 147	û – Alt 150
ã – Alt 132	ë – Alt 137			

Ñ	Alt 165
ñ	Alt 164
·	Alt 0183 (tuldok sa pagpapantig)
^	Alt 0136
'	Alt 0180
˘	Alt 096
“	Alt 0168
˘	Alt 0146 (upang maiwasan ang baligtad ['])
-	Alt 0150 (en dash)
—	Alt 0151 (em dash)

Ha pagsurat han mga duun, puydi liwat himoon an masunod:

1. Ig-set an lengguwahe han kompyuter ha:

English (United States)

United States-International Keyboard

2. Sunda an pamaagi ha ubos para makasurat hin tiringgan nga may-ada duun:

Karuyag hikit-an	Una nga Pinduta	Sunod nga Pin-duta	Gingawasan
Hain nga laton an may-ada duun	' Kugit nga matar-om (apostrophe key)	Letra han g'induunan nga tiringgan	â, é, í, ó, ú
Impit ha urhi han laton o pulong	` Kugit nga pas-angko (grave accent key)	Letra han tiringgan nga g'insusundan han impit	à, è, ì, ò, ù
Laton nga nahuhuman ha impit amo an dinuunan nga laton han pulong	^ Kugit nga bari (circumflex accent key)	Letra han g'induunan nga tiringgan	â, ê, î, ô, û
Schwa o tiringgan pëpët	“ Kugit-kugit (quotation marks key)	Letra e	ë

Sa pagsulat ng mga tuldik, maaari ding gawin ang sumusunod:

1. I-set ang lengguwahe ng computer sa:

English (United States)

United States-International Keyboard

2. Sundin ang instruksiyon sa ibaba para makasulat ng patinig na may tuldik:

Nais maipakita	Unang Pindutin	Sunod na Pindutin	Kinalabasan Gingawasan
Aling pantig ang may diin	' (apostrophe key)	Titik ng diniinang patinig	á , í , ú
Impit sa dulo ng pantig o salitâ	` (grave accent key)	Titik ng patinig na sinusundan ng impit	à , ì , ù
Pantig na nagtatapos sa impit ay siyang diniinang pantig ng salitâ	^ (circumflex accent key)	Titik ng diniinang patinig	â , î , û
Schwa o patinig pëpët	“ (quotation marks key)	Titik e	ë

ANG MGA BUMUO NG ORTOGRAPIYANG WARAY

Bumuo ng Materyal Pangwika ng Waráy

Ma. Victoria G. Corríge

Linguistics Specialist
Komisyon sa Wikang Filipino
(Hilagang Samar)

Manunulat:

Ma. Victoria G. Corríge

Linguistics Specialist
Komisyon sa Wikang Filipino
(Hilagang Samar)

Katuwang na manunulat:

Dr. Jose Evie G. Duclay

Senior Language Researcher
Komisyon sa Wikang Filipino
(Silangang Samar)

Mga Konsultant

Kom. Jerry B. Grácio

Komisyoner, Samar-Leyte
(Kanturang Samar)

Prop. Evelyn Andrada-Lanuza

LNU-Propesor-Retirado
(Leyte)

Aquino C. Irasga, Jr.

Senior Executive Officer
BSP Provident Fund Office
Bangko Sentral ng Pilipinas
(Silangang Samar)

Tagasubaybay

Kom. Purificación G. Delima

Full-time Komisyoner, Programa at
Proyekto

Komisyon sa Wikang Filipino

Earvin Christian T. Pelagio

Language Researcher II
Proponent ng Proyekto
Komisyon sa Wikang Filipino

SANGGUNIANG MATERYALES

Oyzon , Voltaire Q. “3NS Corpora Project.” 3NS Corpora Project, corporaproject.org.

Romuáldez, Norberto, 1908. *A Bisayan grammar and notes on Bisayan rhetoric and poetics and Filipino dialectology*. “Pag Pahayag” Co. Takloban. [batay sa 2013 na salin ng KWF]

Taramdan sa Ortograpiya ng Waray subay san Calbayog nga Puplunganon, “Presentasyon, Talakayan at Pagbuo ng Ortograpiya ng Samar-Leyte (Waray)”, I’s Plant Hotel & Restaurant, JPR Subdivision, Brgy. Carmen, Lungsod Calbayog, 4-6 Hunyo 2012

Surundon san Ortograpiya nga Ninorte Samarnon (Waray), “Presentasyon, talakayan at Pagbuo ng Ortograpiya ng Samar-Leyte (Waray), DepEd, Division of Northern Samar, Conference Room, 27-29 Hunyo 2012

Komisyon sa Wikang Filipino. 2015. *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*. Ikalawang Edisyon. Maynila.

Eveleyn A. Lanuza, 2001. *Ortograpiya ng Waray, Isang Panimulang Pag-aaral*. [di-limbag]